



TALIBA SA PAGLAYÀ

BÚHAY AT MGA AKDA
NI MARCELO H. DEL PILAR

Ni Epifanio de los Santos





TALIBA SA PAGLAYÀ

BLANGKO ANG PAHINANG ITO.



TALIBA SA PAGLAYÀ
BÚHAY AT MGA AKDÂ NI MARCELO H. DEL PILAR

Ni Epifanio de los Santos



AKLAT PLARIDELINA 2

Taliba sa Paglayà, Búhay at mga Akda ni Marcelo H. del Pilar

ni Epifanio de los Santos

Karapatang-sipi © 2022 ni Perfecto T. Martin

HINDI IPINAGBIBILI. Magagamit nang libre ang libro sa mga pag-aaral at pagtuturo ng búhay at mga akda ni Marcelo H. del Pilar sa Araling Panlipunan, Kasaysayan, at mga kaugnay na asignatura.

PASASALAMAT kina Jaime A. FlorCruz na nag-iingat ng kompletong koleksiyon ng pahayagang *Plaridel*; Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining, sa payo at suhestiyon; Alma C. Miclat sa pagpapahiram ng kopya ng *La Solidaridad* (Español at Ingles); at Angela de Castro sa disenyo ng sagisag ng Plaridelina.

PAGKILALA sa tulong at pagpapalakas-loob ng mga sumusunod: Digital Collection ng Miguel Benavidez Library ng Unibersidad ng Santo Tomas; Museo ni Marcelo H. del Pilar ng Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas (NHCP); SHINE Bulacan (Sustainable Heritage Imbibing Nationalism through Education); Panlalawigang Tanggapan sa Kasaysayan, Sining, Kultura, at Turismo (PHACTO); Bahay Saliksikan ng Bulacan ng Bulacan State University; at KABESERA Samahang Pangkalinangan ng Bulakan.

PATNUGUTANG PLARIDELINA

Adelfa P. de la Fuente, Dee Anne Katrine Tampuz, *mga kawaksi*

Edilberto D. Larin, Jr., Alexander E. Aguinaldo, *mga kasangguni*

Mervin Concepcion Vergara, *punò sa sining at disenyo*

Perfecto T. Martin, *punong patnugot*

Ipagkakaloob ng Plaridelina ang ISBN at CIP Data kung hihilingin.

BAGO BASAHIN

Itong talambuhay sa Tagalog ni Marcelo H. del Pilar—sinulat ni Epifanio de los Santos—ay unang nalathala sa mga pahayagang *Muling Pagsilang* at *Plaridel* noong 1907.

Ang unang bahagi ay lumabas sa 2 isyu ng *Muling Pagsilang* (5 at 7 Enero 1907) sa pamagat na “Marcelo H. del Pilar, Kabuhayan at mga Nagawa”; at ang mga sumunod na bahagi ay sa 10 isyu ng *Plaridel* (1 at 16 Pebrero; 1 Marso; 13, 17, 20 Hulyo; 7, 10, 17, 31 Agosto 1907) sa pamagat na “Si Marcelo H. del Pilar”. Binigyan namin ng bagong pamagat ang edisyong ito ng Aklat Plaridelina: *Taliba sa Paglayà, Buhay at mga Akda ni Marcelo H. del Pilar*.

Ganito ang pambungad na pagpapakilala ng *Muling Pagsilang* sa akda:


“Sa unang bilang ng pahayagang lalabas na makalawa sangbuwan sa Malolos, na ibinalita na naming malaon, at ang pamagat ay *Plaridel*, ay nabasa namin ang isang mahabang lathala ni G. Epifanio delos Santos na ang isinaysay ay ang naging kabuhayan ng nasirang pantas na si Marcelo H. del Pilar. Nasa sa wikang kastila ang kasaysayan, at sa aming hangad na mabasa ng madlang tagalog, ay pinagtiyagaan naming isatagalog at sipiin ngayon, hanggang sa matapos.”

At ganito naman ang paliwanag ng tagapamahala ng *Plaridel* nang simulan nila ang paglalathala ng malaking bahagi pa ng talambuhay sa Tagalog:

“Ang unang labas ay hindi na namin isatagalog at mayroon nang isinagawa ang *Muling Pagsilang* na sa sarili naming palagay ay tapat na tapat.” (T. nang P.)

Ipinaliliwanag dito na ang buong talambuhay sa Tagalog ay salin ng talambuhay sa Español na sinimulang ilathala sa unang isyu pa lamang ng *Plaridel*.

Ang *Bibliografia Plaridelina* na ginawa ni Mariano Ponce at inilathala nang buo sa bersiyong Español ng *Plaridel* ay hindi na isinama sa bersiyong Tagalog. Sinipi namin ang buong listahan at isinama namin ito sa Talâ bilang 21.



I

PANIMULA

Muling Pagsilang, 5 Enero 1907

NIYONG mga taong 1889 o 1890, nagpadala ang Prof. Blumentritt sa bantog na *grafologo* (o mapangilatis sa mga titik) Herr Lankerbruch, Aleman, ng mga sulat-kamay nina Rizal, Del Pilar, at Ponce; at ang tinurang grafologo na di man kakilala ni muntik nang narating ng mga maysulat, ni sa mukha ni sa ngalan man lamang, ay nagpasiya tungkol sa mga pag-uugali ng tatlong yaon.

At ukol kay M. H. del Pilar ay ganito ang turing niya: may ugaling mandirigma, mapanlinlang, mabayani't matalino sa pag-uyam (*satir*), mabuting-loob, walang gulat, maimbot o matamang umibig sa anuman at walang paku-pakundangan kailanma't mahalagang bagay ang tatangkaing gawin.[1]

Yaon ang pag-uugali ni M. H. del Pilar, sa palagay ng sinabing grafologong Aleman. Pinupunan at sa bahagi'y nakakatu-katulad ng palagay naman ni Mariano Ponce, kasamang lagi ni Del Pilar, alinsunod sa kanyang isinulat sa pahayagang *La Independencia* (1898), na binanggit ng nasirang *bibliofilo* o mang-aaklat na si Zulueta upang ganap na makilala ang katauhan ni Del Pilar at ang kanyang mga gawa: walang hápòng “propagandista” o tagasiwalat, tának sa pakikitunggali sa politika, nakasisindak sa mga pag-ulos at sa pagsalag, walang bigo sa pagsaksak ng panulat, hindi magapi sa pagmamatawiranan, at ang dunong niya't malaking talino ay iginalang pati ng tunay na kaaway na hindi miminsang tinalo sa isang mapayapang digma ng pag-isip. [2]

May ilang yaring *biografia* ni M. H. del Pilar na pawang matatanggap na mabuti. At sa mga ito'y matutukoy natin ang kay Ramiro Franco [3]; ang kay C. J. Zulueta; [4] at lalong-lalo na, bukod sa mga binanggit nito, ang *Bibliografia Plaridelina* ni G. Ponce [5], na isang paham na akda na hangga ngayo'y di nailalathala; akdang, sa kanyang sarili lamang, ay sapat nang magpakilala sa halaga at kabuluhan ng mga gawa ni Del Pilar, lalong-alo na sa mga akdang walang ngalan, o kung mayroon ma'y hindi ang tunay na pangalan, na kundi sa pamamagitan ng *Bibliografiang* yaon ni G. Ponce ay hindi natin makikilala kailanman. Dapat ding banggitin ang mga sulat at ulat na ginawa ni Blumentritt [6] at ni Retana [7] na karapat-dapat paniwalaan; at kahuli-huliha'y, ang palagay ni Heneral Blanco. [8]

II

TALAMBUHAY AT NABIGONG DEPORTASYON KAY DEL PILAR

IPINANGANAK si Marcelo H. del Pilar sa nayong San Nicolas, sa lugal na tinatawag na Kupang, bayan ng Bulakan na naging pangulo ng lalawigang gayon ang ngalan, noong ika-30 ng Agosto ng 1850. Ang mga magulang niya'y si G. Julian H. del Pilar, makisig na gramatico, mainam mangusap at manunulang tagalog; at si G. Blasa Gatmaitan na pinalayawang Blasica. Si G. Julian ay makaitlong nangapitan sa bayang Bulakan, at noong 1851 ang unang taong ipinangapitan. Pagkatapos ay naging oficial de mesa ng alcalde mayor ng lalawigan. Maginhawa ang pamumuhay, may mga bukid, tubuhán, at ilang palaisdaan, at may isang kabyawang makina na pinagagalaw ng hayop. Subali'y kung paghahatiin ang kanyang pag-aari ng tanang anak niya, ay halos magkakaroon lamang ng manlibong halaga ang bawat isa. Dahil dito'y ipinagpaubaya ni Marcelo H. del Pilar, sa kapakinabangan ng mga kapatid, ang bahaging natungkol sa kanyang mana.

Si Marcelo ay siyang ikasiyam na anak, halos siya ang pinakabunso sa mga kapatid na Toribio (paring napatapon sa Marianas noong 1872), Fernando, Andrea, Dorotea, Estanislao, Juan, Hilaria (napakasal kay Deodato Arellano), Valentina, *Marcelo*, at Maria.

Ang dating apelyido ng hinlog nila'y Hilario; ngunit alinsunod sa atas ni Claveria noong 1839 [1849] ay dinugtong ang Del Pilar, apelyido na nunong babae. Dapat tantuing ang bigkas na *Gat* na kaugnay sa unahan ng apelyido ng iba, ay nagpapakilala ng karangalan ng lahing pinagmulan; kaya, hindi kalabisang sabihin, na ang pinagmulang kanunu-nunoan ay kabilang sa mararangal na lahing Tagalog, o sa malinaw na sabi, sa matatandang haring Tagalog.

Nagsimula ng pag-aaral si M. H. del Pilar sa paaralan ni G. Flores, bago lumipat sa San Jose at mula rito’y sa Universidad naman ng Santo Tomas. Sanhi sa isang pagkakapakialit sa kura sa San Miguel, Maynila, tungkol sa pagbabayarán o pagsisingilan ng kaupahan ng pagbibinyag, noong taong 1869 o 1870 ay napatigil nang walong taon ang kanyang pag-aaral sa cuarto curso, ukol sa Jurisprudencia; ngunit noong 1880 [9] ay nakapag-licenciado rin.

Ang kanyang kabataan ay totoong masigwá, at ang pagkakapag-aral niya’y totoong masaklap. Mabuting umesgrima sa palasán, hindi mapaghamon ni mapagbasag-ulo. Mapagpakumbaba at siya rin ang nagpapamagat sa sarili na “isang kahon ng sastre” (taong may kapu-kaputol na nalalaman); at di sasalang mayroon ngang baha-bahaging nalalaman sa madlang bagay. Tumutugtog ng violin, ng piano, at lalong-lalo na ng flauta. At sa Paaralang San Jose’y hinangaan siya sa kainamang tumugtog ng flauta; at sa tuwing darating ang tinatawag na Flores de Mayo, na kaaya-aya sa gunita ng kabataang nagsisipangilak, ay di miminsang ipinarinig ang magiliwíng tunog ng kanyang violin na ikinaligaya ng mga dalagang-Bulakan, kasama-sama ni G. Arcadio Paguia. Ang katutubong harana nitong Kapuluan ay di kaila sa kanya, at kung minsa’y nananapat na katulad ng isang dalagang mang-aawit na Filipino. At marahil, ang “kayumangging virgeng may lábing lagi sa pagtawa, matang mapamasò at balat na kaaya-aya”, ay di miminsang humiling sa kanya, maging ikaupasala man ng hinhin at kalinisan, at kaipala’y, ng pagkamatapatin sa asawa.

Nag-aaral pa siya’y gumawa na ng kasama ng kanyang amaing Alejo del Pilar na nag-escribano sa Kiyapo noong taong 1869; makaraan ito’y nag-oficial de mesa ng Kapampangan nang 1874 o 1875 at saka naman sa Kiyapo nang 1878 o 1879. Nang magkáibigán sila ng pinsan niyang Marciana H. del Pilar ay napakasal sila sa Tundo noong Febrero ng 1878. Ang nangaging bunga ng pagsasamang ito ay sina Sofia, Maria Concepcion, Jose, at Ana. Mabuting manggagawa (*obrero*) nang kasal na

at nag-aaral pa na walang ipinagtawid panahon kundi ang bunga ng kanyang pagpapagal. Isang expediente gubernativo na laban sa kanya'y itinatag ng Septiembre ng 1888 ang nakapilit na pasa-España noong ika-28 ng Oktubre ng sinabing taon.

Katawang matipuno at malusog, at ayon kay Ramiro Franco ay katawang tila bakal na pinanday, dibdib na buo at nagpapakilala ng lakas na di magagapi, utak na matalino na nalululan sa isang bungong paikpik, may buháy at mapanuring tingin na di matagalan nino mang makatitigán.

[10] Gayon ang masasabi sa pagyayaot dito sa Bulakan at Maynila, sa iba't ibang bayan, siyang namamahala ng lahat, bagama't di sa binyagan na mula ng 1872 hanggang 1888 ay siya ang kauna-unahang kaluluwa ng lahat ng salaysaying laban sa fraile na di ipinanlupaypay ng katawan at ng gayong utak na napakatangi.

Nang magkagulo sa Kabite ng 1872 ay kapisan siya ni Padre Mariano Sevilla at sa kanyang sikap naging utang ang pagkasunog ng mga kasulatang sukat panagutan ng paring ito. Bagama'y isang sulat nito at isa naman ng kapatid niyang paring Toribio H. del Pilar na nadakip kay Padre Burgos, ay sukat nang ikinatapon sa Marianas ng naturang mga paring Sevilla at Del Pilar. Si Del Pilar kahit kainalam sa malayang sigla ng kinabatian ng 1868 ay di nanghimasok sa politika kundi buhat lamang ng 1872 nang ipatapon ang kapatid niyang Toribio, bagama't nangyari na ang nangabanggit na pagkakaalit nila ng kura sa San Miguel ng taong 1870.

Nang 1880 ay nakianib sa ilang kaibigan upang masugpo ang paghahari-harian ng tinatawag na “Capitang Jose” sa Sta. Maria [Bulakan?] na pinagmana-manahan ng di mabilang na kamag-anak ang mga tungkuling bayan. Nang 1882 ay itinayo sa pamamagitan ng pagsasapi-sapi ang pahayagang *Diariong Tagalog*, pahayagang tunay na kinakilanlan ng laya at lubos na pagbabago ng mga lakad at siya ang naging pangulong manunulat sa dahong Tagalog. [11] Nang

1884 ay naghalalan sa Malolos ng mga punong bayan. Ang ibig noon ng kura para magkapitan ay isang nagngangalang “Jose Bautista” at siyang ipinahayag sa buong kaginoohan na nakipagkasundo sa kura samantalang nasa kumbento, ngunit sa hiling ng isinasaysay kong tao, ay inihalal nilang primer lugar si Pedro Crisostomo, at pangalawa si Mateo Buison na pinagtibay sa katungkulan at ang pangatlo ay ang hahalinhang Florentino Reyes.

Nang taong itong 1884, ang Intendente Chinchilla, sanhi sa R. D. ng ika-6 ng Mayo ng taong binanggit, ay nagmungkahi ng isang alituntunin upang ganapin sa ika-30 ng Junio. Sa bisa ng mga articulos 52 at 53 ng alituntuning ito, ay natatakdang “di na katungkulan ng mga kabesa ang sumalin ng padron sa mga simbahan.” Ngunit naaliw sa tungkol si Chinchilla, at ang humalili sa kanyang si Luna sa pagbibigay-loob sa mga fraile, ay nagpasyang pawalang kabuluhan ang mga takdang utos ni Chinchilla, at nag-utos sa mga kabesa na sumalin sa mga padron sa simbahan.

“Ang pasiyang ito ni Luna ay naging sanhi ng pagtutol ng kaginoohan sa Malolos laban sa kautusan ng ika-11 ng Mayo ng 1885 [12] na ipinadala ng Administracion de Hacienda publica sa Bulakan na nag-uutos na iwasto at baguhin ang padron ng mga balangay sa Malolos na isususog sa padron ng simbahan.”

Ang tutol na itong ginawa ni Del Pilar na di ipinadala ng Administracion sa Bulakan at hiningi pa ng tinurang Administracion sa Intendencia Heneral ang ganap na panghihimasok ng kura sa mga gawain ng pagtatala, at ito’y pinasiyahan ng ika-18 ng Mayo ng 1885 na katungkulan ng mga kabesa ang sumailalim sa payo ng kura sa bala nilang gawin. Nagkaroon ng pagmamabigatan ang kura at ang mga kabesa ukol sa pagpapakahulugan sa salitang pagpapayo (*asesorar*); ngunit si Fr. Felipe Garcia, naging catedratico ng Teologia sa kanyang orden ang nagpakahulugang ang “asesorar” ay “confrontar”. At sapagkat sinasabi

ng mga kabesa na ang *confrontar* ay “*cotejar*” (pagsususog) ay ipinilit ni Fr. Garciang hindi at sa maraming pangangatwirang di na matutulan ay natapos sa ang “*confrontar*” ay di “*cotejar*” kundi “*copiar*” (pagsalin).

Naghaból ang mga kabesa sa alcalde mayor na si G. Pardo, ngunit ito’y nagpasiyang may matuwid ang kura, at gayon din ang Intendente Heneral na, sa isang kautusan ay pinagtibay ang pasiya ni G. Pardo. Ganito ang lumabas na ang *asesorar* ay *confrontar* at ang *confrontar* ay *copiar*. Sa paraang ito’y natiyakan ng kura ang kanyang estipendio na 12.50 sa bawat sandaan sa mga cedula personal at ang *deficit* ay sa tesorero. [13]

Muling Pagsilang, 7 Enero 1907

NANG 1885, sanhi sa isang pagkakabigatan nila ng medikong Kastilang si G. Roberto R. Berriz tungkol sa pagsasabong, ay minura niyang hayagan at matigas ang nasabing mediko na muntik nang ipinagkababag, sukat itong ikinapalagay niyang kalaban ng Kastila at filibustero.

Noong 1887 (30 Septiembre) na nangyari ang matunog na kaalitan ng mga naturales at mestizos tungkol sa pagpipilián ng upuan sa Simbahan ng Binondo, si Del Pilar ay siyang asesor ni Juan Zulueta, pinuno ng mga naturales laban sa mga mestizong insik na kinakalinga ni Fr. Hevia Campomanes, alinsunod sa kapangyarihan ng pilak at pagsuyo. [14]

Sa taong sinabi ng 1887 (ika-18 ng Octubre) ay inihayag sa *Gaceta oficial* ang bantog na kalatas (*circular*) ni Benigno Quiroga, Director Heneral, na nagbabawal ng pagpapasok ng patay sa mga Simbahan. Ang gobernadorcillo noon sa Malolos na si Manuel Crisostomo ay nag-utos na yao’y ipagpatawag sa bayan. At naging sukat ito upang ipag-utos ni Fr. Felipe Garcia, na ipagprusisyong maringal ang bangkay ng isang alila ni Don Engracio Delgado, sa ilalim ng paglabag sa mga may kapangyarihan; at ang fraile’t kanyang mga sakristan ay pawang

naka-revolver na sukbit sa baywang, handa sa ano't ano man. Ang gobernadorcillo, sa hatol ni Del Pilar ay nagbigay-sabi sa gobernador ng lalawigang Don Manuel Gomez Florio, upang umilag sa ano mang mangyayari. Nakagalitan nito ang mapaghamong paroko, at mula noo'y gumitaw na ang isang mataimtim na pagkakaalit ng fraile at ng gobernador.

Ang karangalan ng fraile'y lumubog na nang lumubog, at ang paggalang sa kanya'y napaknit na sa damdamin ng mga tagaroon; at dahil dito'y lumikha ng daang ikababawi, mangyari ang mangyayari. Ngunit mahirap maganap noon, pagkat si Del Pilar ay matalik na kaibigan ng gobernador at ng kapitan ng Guardia Civil, Señor Galindo; at ang “franc-mason gr. 33”, ng fraile ay siyang tunay na nakapaghahari noon sa lalawigang Bulakan; bakit pa nga'y nasa likuran ng dalawang tinurang pinunong Kastila ang matataas na puno sa Maynila.

Si Terreros ay dapat maalis sa tungkol at naalis nga. Nang magkaganito'y binantang makapagbangong muli, at sa katunaya'y nang mamanihala samantala si Heneral Molto, ay dali-daling nagpalibot ng isang utos na ang tungo'y buhayin ang kapangyarihan ng mga fraile, at ipinagtatagubilin sa mga gobernador civil na ganito ang gawin, sa “lahat ng kaya at sa ano mang marapat na kaparaanan.” Ang ganitong kapangahasan ng masong gobernador ay pinagbayaran niya ng napakamahal, sapagkat hininging siya'y maalis dahil sa sumbong na umano'y nagpapadulas ng maraming salaping nasisingil sa atag; at ang masóng gobernador ay dali-daling naalis.

Noong ika-21 ng Enero ng 1888, ay sumulat ng isang pahayag sa gobernador civil ng Bulakan, na nilagdaan ng mga kapitan sa bayan, nangaging kapitan, mga maginoo, mga may kilalang hanapbuhay, mga tagapagturo, at mga abogado sa lalawigang Bulakan, na doo'y hinihinging ipadala ang kasulatang iyon sa lalong mataas na punò upang magpairal ng isang panibagong buwis na maitutulong sa kabang-bayan sa mga gugulin nito sa pagpapatayo ng isang “paaralang

minarapat ng Ministerio de Ultramar, na pagtuturuan ng mga bagay-bagay na natutungkol sa artes at oficios”, kahingiang minagaling ng mga pahayagan at ng mga pinuno. Sa isang patalastas na iniharap ng mga Agustino noong 1883 ay nagsipangasiwa sa balak ng ilang babae na noong 1882 ay nangagkaisang magtayo ng isang ampunan upang matirhan ng mga batang ulila sa mga Kastilang natangay ng kolera ng taong sinabi. Ipinahintulot ang ganito ng Ministerio de Ultramar, bagama’t nilaya-layaan pa. Dahil sa pagkakaganito’y tumanggi sa pag-abuloy ang mga fraile at hindi na rin nakialam dahil sa ilang di naman makabuluhang sanhi, sapagkat ang gagawi’y natutungkol sa “pagtuturo ng matataas na dunong at saka ng tungkol naman sa Paaralan ng Pagsasaka”, bagay na kundi siyang gagawin at ang itutuloy lamang ay ang “pagtatayo ng Ampunan ng mga ulila at saka pagtuturo ng mga unang dunong” ay sila ang mamamahala, kailan ma’t ang malaking gugol ay kakayahin ng pamahalaan, at sila ang siya namang maglalagay ng mga tao at tagapagturo. Ganito ma’y minagaling ni Quiroga Ballesteros, at sa ganito’y pinakapuri siya ng lahat, na huwag nang makipag-alam sa mga Agustino, at sa alin pa mang kapisanan ng mga pari at nagpasabi sa Ministerio, na ang pagtatayong iyo’y kayahin ng Pamahalaan, at sa kaparaanang madadalá, at ang mga katungkula’y kunin sa pamamagitan ng “timpalak”. Ang palagay nga ni Del Pilar, tungkol sa bagay na ito ay naging isang dagok na mariin sa mga fraile.

Ang mga taóng 1887 at 1888 ay naging masungit sa mga fraile at kay Del Pilar man naman na sa lahat ng dako’y naroon at siyang namamanihala’t gumagawa ng mga kasulatang laban sa fraile.

Maging sa mga kasulatang iniharap sa gobernador civil ng mga taga-Navotas ng ika-20 ng Noviembre ng 1887, sa iniharap kay Mateo Mariano, taga-Navotas din ng 21 ng Noviembre ng 1887, sa iniharap ng mga Filipino sa Reina Regente noong ika-29 ng Febrero ng 1888, ang sa mga kapitan, mga maginoo, at taga arrabal ng Maynila at bayan-bayan ng lalawigang ito noong ika-20 ng Febrero ng 1888, sa

napakamahalagang iniharap sa Reina Regente sa ngalan ng Filipinas, at siyang huling nakasama sa pagkakapalimbag ng *Soberania Monacal*, na sinundan pa ng isang mahalaga rin namang iniharap din sa Reina, ng mga punong-bayan sa Maynila at nakalagay sa aklat na pinamagatang “*Mabuhay ang España! Mabuhay ang hukbó! Layas mga Fraile!*” noong 1888; kundi man kathang lahat ni Marcelo H. del Pilar, ay napamagitanan niya: kinababakasan ang mga kasulatang ito ng iisang hugis, ng napakamalamáng mga salita at ng paggamit sa lalo mang kaliit-liitang bagay na tinutukoy sa iisang layon lamang, na tumanggi ang ilang pagkakaiba, ay iyon din ang mga katwiran, ang ayos at kaparaanang hinahangaan natin ngayon sa walang kapantay na mga dahon ng *Soberania Monacal* at *La Frailocracia* pagkatapos at saka sa napakaiinam na lathalang lumabas, mga kayamanan ng lahing Malayo, sa *La Solidaridad*, na nagtataglay ng tandang pinagkakilanlan sa pagkasibol niya sa marangal na lipi, ng mga haring Tagalog.

Kauri rin naman ng mga una ang iba pang pinamagatang “Matuwid na pahayag at paghingi ng kandili” na iniharap ni G. Candido Garcia, taga-Pandakan, na ipinadala sa di kabilaning gobernador civil ng Maynila ng ika-17 ng Enero ng 1888; ang “Makatwirang paghahabol na iniharap ng mga kapitan at maginoo sa Navotas at maibigin sa katwirang gobernador civil ng Maynila” ng ika-3 ng Febrero ng 1888, na napapalagay sa isang aklat na tila nilimbag sa Hongkong noong 1889. [15]

Sa mga aklat na ito’y nagbababanggit ng ilang salaysay na nagpapatotoong “takutin ang pamahalaan sa paghihimagsik ng bayan at takutin naman ito dahil sa kalakasan ng pamahalaan, ang siyang pakana ng mga fraile, na siyang iniyaman ng mga convento at ipinaghirap ng mga bayan at kapi-kapisanan”.

Ang ganitong kapangahasa’t paglaban ng isang *indio*, na sadyang mababa sa pagkatao, ay di dapat mamalagi. Ang kapangyarihan ng baya’y nanganganib at dapat humadlang sa ganito, sa pamamagitan ng mga kaparaanang marapatin ng mga gobernador civil.

Hindi lihim sa mga fraile ang pinággagawang ito ni Del Pilar, bukod pa sa pagkawalang dalá ni Del Pilar at pagka filibusterong talaga. At ano, hindi ba talagang nag-aaral pa lamang ay ito na ang ginagawa ni Del Pilar na sa pagkakatira sa bahay ni Dr. Sevilla ay nagtuturo sa mga bata ng wikang Kastila? At pagkatapos ay kasama nina Jose Ner (taga-Salinas), Sotero Laurel (taga-Batangas), Carlos Gatmaitan, Liberato Manuel (taga-Bocause), ay hindi ba nagsikalat sa bayán-bayán at nangagsumikap na maitanggol ang mga babae sa pag-aakay ng napakababanal na taong paris ng fraile? At isang masong paris nito, labas sa bakuran ng simbahan, inapó marahil ni Darwin, ay mangangahas, gayong paglabág sa kataas-taasang Diyos! na mag-usig sa mga fraile at maglilikha ng kung ano-anong mga kasiraan nito upang daliriin pagkatapos. Oh! Sa ngalan ng hari nating si Don Carlos, ang ganito’y di mangyayari ni kailanman.

Sa kinagaganito, at noong maging gobernador samantala ng Bulakan ang kalihim na si G. Vindis, ay inusig ang taong aking ibinubuhay sa pagka-*kaaway ng Kastila at filibustero*, noong Septiembre ng 1888, at lihim na sumaksi si Padre Felipe Garcia, at ang manggagamot na Kastilang si Berriz. Ngunit nakailag ang ibig dakpin at walang kilatis na nakalulang patungong España ng ika-28 ng Octubre ng taong ding iyon, “sang-ayon sa minarapat ng ilang kapisanang Filipino, upang hingin sa mga taong tanyag sa España, ang mga kalayaang hinihingi ng Kapuluang sumusulong. [16]

Inihatid siya sa sasakyan nina Mariano Crisostomo, Deodato Arellano—kanyang bayaw—at Gregorio Santillan. Ang kanyang mga huling salita’y ito: “Tapos na ang tungkulin ko sa Filipinas, sa iba namang dako ako tinatawagan—sa España—at doon sa lilim ng kalayaa’y maaari kong ipagsanggalang ang mga kabaguhang nararapat sa Filipinas”.

Nang iwan ang bayang sarili, ay naiwan din naman ang ilang bahagi ng kanyang puso. Ang kanyang asawa, ang anak na Sofia—na noo’y may siyam na taon ang gulang—at ang bunso sa lahat, ang magandang si Anita, buháy na larawan ng kanyang ama, na may isang taót’ apat na

buwang gulang, at saka ang kapatid niyang si Yayang—asawa ni Deodato Arellano—na dalaga pa’y siyang naging Egeria ni Marcelo, na siyang nagbigay lakas at kasiglahan dito. Sino ma’y di dumaing, lahat ay nagtiis sa gayong pagsusuyong minimithi ng lahi, at kailangan namang ang puso at katalinuhang iyon, ay siyang magbigay halimbawa ng pag-ibig sa isang bayang maganda ma’t mahabagi’y siya namang sawi sa Sangsinukob.

Kinahapunan ng araw na sinundan ng kanyang pag-alis, ay kasama ni Rafael Enriquez, na nagtitipon sila sa bahay ni Pedro Serrano na Trozo, at pinagkaisahang bago maghiwa-hiwalay, tulad sa mga alagad ni Cristo, ay sulatin muna ang *Credong Tagalog* at *Pasion Tagalog*. Ang *credo* ay pinamagatang *Dasalan at Toksohan*, at sinulat sa wikang Tagalog na patuloy ng tatlong lalong kilalang mananagalog sa Bulakan; ang Pasion ay pinamagatang *Pasion dapat ipagalab ng puso ng tanang babasa*, at sa tulang wawaluhin ginawa. Ang palagay ni Rizal sa mga tulang ito ay huwaran ng karikta’t pagtudyo na magagawa sa wikang Tagalog, at siyang nakapagbunsod sa kanya upang gawin ang kanyang sulat laban kay Fr. Rodriguez.

Bukod pa sa maliliit na aklat na ito, bago umalis sa Pilipinas, ay may napalabas na siyang ilang mahahalagang salaysay na ipinadala sa ibang lupa upang ipalimbag at marahil lalong mahalaga ito sa kanyang mga ginawa laban sa pari, bagama’t nilagdaan ng mga pangalang Dolores Manapat, Piping Dilat (na binabanggit na palagi ni Blumentritt), Plaridel (binabanggit din ni Blumentritt at ibang pang manunulat), Carmelo, at iba pang pamagat.

Narito ang talaan:

“Ang Pag-ibig sa tinubuang lupa”. Tagalog ng “El Amor Patrio” ni Rizal, na inilathala sa *Diariong Tagalog*, Maynila, ika-20 ng Agosto ng 1882 na sinipi ng “Dahong Dagdag sa *Heraldo de la Revolucion*” niyong ika-3 ng Diciembre ng 1898; at pagkatapos ay muling sinipi sa hiwalay na folleto ng tinuran ding “Dahong Dagdag”.

Cai-igat cayo. Sagot na malumanay ngunit pabiro at pauyám sa munting aklat ni Padre Jose Rodriguez. Akda sa mainam at mabuting pananagalog at siyang kinikilala o nag-aaring huwaran sa Bulakan.

“En Filipinas quien manda?”. Lathalang walang pirma na lumabas sa *La Publicidad* sa Barcelona niyong ika-23 ng Diciembre ng 1887.

“El monaquismo en Filipinas”. Lathalang nahayag sa *El Diluvio*, Barcelona, 12 Enero 1888. May pirmang “Piping Dilat.” Inihayag din, sa apendice ng *La Frailocracia Filipina*.

“Noli me tangere, ante el odio monacal”. Munting kasaysayang inihayag sa *La Publicidad* Barcelona, 10, 11, 12 at 13 ng Julio ng 1888, na may pirmang “Plaridel”. Inihayag ding parang apendice o dagdag sa folletong “El Noli me tangere”, na pinagpasiyahan ni Prof. F. Blumentritt.

Prologo (sa *Diccionario Hispano Tagalog* ni P. Serrano Laktaw), Maynila, 1880.

La Soberania Monacal en Filipinas, Barcelona, 1888. May isa pang bagong limbág sa Maynila noong 1898. Ginawa ring folletin sa isang pahayagan, nang panahong bago pa rito ang mga Amerikano, tila sa *El Filipino Libre* na pinamamahalaan ni Dr. Manuel Xerez Burgos.

“Filipinas ante la opinion”. Lathalang nahayag sa *El Diluvio* sa Barcelona, 27 Julio 1898. Inihayag ding parang isang dagdag sa *Frailocracia Filipina*.

At marahil pati ito:

“Sagot ng España sa hibik ng Filipinas”. Munting folleto na walang fecha ni ngalan ng Limbagan. Nilimbag sa Barcelona ng 1889. Sa tulang Tagalog. Ang makikisig na tulang ito ay sagot, paris ng sinasabi sa ulunan, sa isang tulang pinamagatang “Hibik ng Filipinas sa inang España” na sinulat ng manunulang taga-Bulakang Hermenegildo Flores.

Hindi kabilang dito ANG KADAKILAAN NG DIOS, na akda sa isang mainam na patuluyang pananagalog, isang tunay na perlang silangan na sumisibol sa mga dalampasigan ng Malasia, at lubhang pinakamamahaling kapatid niyang Hilaria pagkat hindi matiyak kung dito sa Filipinas sinulat.

Niyong lisanin nga naman ang Sangkapuluan, ay mayroon nang 38 taong gulang at noo'y nasulat na niya ang lalong mabubuting aklat at angkin na't tinatangkilik ang mabigat na karunungan sa buhay na natamo sa pamamagitan ng sariling pagsasakit at di sa tulong ng mga aklat o ng alabok ng mga biblioteca. Talastas pa't hindi mapag-aalinlanganan, na siya'y di nagkaroon ng mga aklat; at ang ilang nangabasa niya't pinag-aralan ay hiram lamang kay Marcos Ventus at ibang kaibigan. Ngunit napasakamay niya ang lalong mabuti: ang puso ng katauhan.

Natilamsikan mula pa sa kabataan ng putik-pusalian ng katauhan; natigang ang balat sa dagandang ng mainit na araw, sanhi riya'y malakas na lumaki sa gitna ng nasubok na paghihirap. Ang mga simoy sa Diciembre na lubhang nakapagpapangaligkig sa iba, sa kanya'y di man nakababalino. Malayong tularan ang pag-uugali ng kanyang mga kaaway na wangis sa isang patay na binabanggit sa isang "soneto" na di nakatalos, kundi ng tapos na, na ang bahong umaalingasaw ay sa kaniya pala nagbubuhat; si Del Pilar ay di naglihim ng sa mga sariling samâ o ng sa bayan, at pinagsuri niya't inahikap ng gamot saka pagkatapos ay kagyat inilapat.

At sapagkat namasdang ang sakit ay buhat sa fraile, na sa sariling kaibigan at kapangyariha'y nagkusang maging tagapamagitan ng panginoon at ng *colono* (kasamá); bagay na ikinayayaman niya sa pagod at pawis ng dalawang yaon; ang ginawa ni Del Pilar ay lumagay sa tayô ng tagapamagitan at isiniwalat sa madla ang tanang kaparaanan sa paghitit at pagpiga sa pawis ng lahat. Ang ganito'y nangangailangan ng

mabuting kaparaanan upang maipagwagi. Sa harap ng bayan at mga kasamá, ay pawang mga pagbiro at pagtuya ang kanyang ginagawa, at ipinakikilalang ang minamakapangyarihang fraile ay mabuway at sa harap naman ng mga maykaya, ay nagpapanggap siyang *masikap na katulong* at palaging nagpapaliwanag sa mga taong ito ng kapanganibang kinabibitinan kung wala silang didinggin kundi ang mga fraile na lamang.

Sa paggawa ng ganito'y kinakailangan ang iba't ibang ayos ng pananalita at pagsulat. Sa pamahalaan'y kailangan ang mga kasulatang makatwiran at wasto gaya ng mga lathalang lumabas sa *La Solidaridad* at saka ang maliliit na aklat na pawang nasa wikang Kastila, at sa bayan nama'y ang dingal at kainamang manalita na kaloob sa kaniya ng Diyos, at pinalusog pang lalo ng ganap niyang pagkakilala sa wikang kinagisnan, gaya ng mga credo at pasiong nasa wikang Tagalog, na sumusugat sa fraile, sa lalo pa naman nilang dapat damdamin: sa kanilang yaman.

Kung sa pagsulat, si Del Pilar, ay hindi mapagpahayag ng damdaming sarili. At ito nama'y hindi kailangan sa kanyang adhika; siya'y isang tagapagpalaganap at tagataguyod, at walang panahon sa pag-awit na paris ng mga canario, na kung gabi na't may tálob ang kulunga'y isinasapakpak ang kanilang ulo at nangakakatulog nang mahimbing, ayon kay Didelot. Kaysa maging canario, ay inibig niyang maging kalaw sa mga kagubatan ng Luzon, na may tukang pangwagi sa away at sa gabing madilim at sinisigwa, samantalang natutulog ang maliliit na ibong pabaya, ay siyang nagtatakda ng walang pagkakabula, ng mga oras na dumaraan.

At singtulad ng kalaw, ay wala siyang awit kundi siyang isa lamang at ito: “Mapapalagi ang España sa Pilipinas, kung didinggin ang mga Filipino, kung hindi ganito ang gagawin, ang gayo'y di mangyayari, kailan man.” At sapagkat di siya dininig, ay ang mga pangyayari na ang tumupad sa ganitong hula, ng lalong dakilang politiko at marunong na Filipino.

Plaridel (1 Febrero 1907)

SIYAY DUMATING sa Barcelona—ang sulat ni Zulueta—ng unang araw ng Enero ng [18]89. Buhat sa araw ng yao’y sandali ma’y hindi na nagpahinga na inalintana ang panghihina ng loob at kasakunaang katali ng galáng pamumuhay ng isang natitiwalag. Lagi na sa bayang kinagisnan ang kanyang isip, ay patuloy na nagpagal nang nagpagal hanggang sa kasusukuhan. ... Masasabing ang lahat niyang mga dili-dili, ang lahat niyang buntong-hininga’y pawang sa Filipinas at dahil sa Filipinas. [17]

Datapwa’t bago natin gawin ang salaysay ng kanyang pinaggagawa sa España (1889-1896), ay mabuti ang siya’y ating kilanlin muna. Ang mga sariling sulat na ipinadala sa kanyang asawa’t mga anak, na pagkat gayo’y mairog at malinis at hindi sukat marating ng alin mang hamak na alingawngaw ng pagtatapatan, ay siyang makapagtatanyag sa kanya nang ganap samantalang magagamit nating wari’y sinulid na papatnugot upang sundan natin ng panatag na hakbang yaong kasakit-sakit na punyagi ng mga nanganay ng himagsikan natin niyaong [18]96.

Si Ramiro Franco ang nagbabalita sa atin na sa palagay ni Rizal, ay pinili ang bayaning Marcelo H. del Pilar na maging kinatawan ng punyaging yaong bantog at hindi kalimot-limot sa lahat ng Filipino, at sanhi roo’y napilitan si Plaridel na maglakbay sa Barcelona muna at sa Madrid pagkaraan.

Ito’y natutukoy sa *Junta de Propaganda* (Pulong ng Pagkakálat). Si G. Timoteo Paez na isa sa mga kawaning masisipag ng kapisanang ito ang nagpapatotoong “ang mga salaping ipinasok niya sa kaban ng pagkakálat ay ipinadadala sa España kay G. Marcelo H. del Pilar tungkol sa gugol ng paglalakád ng pagkakaroon ng kinatawan nitong bayan sa Congreso na sa mga panahong yao’y hinihingi natin at kinakailangan naman upang maparating sa paanan ng luklukan ng hari (trono) ang ating mga hinaing sanhi sa di maiuulat na paggahis na sa hayag at sa lihim ay ipinatitiis sa

atin, at sa pakay na mabigyang-buhay ang *La Solidaridad*, pahayagang panlabing-limang araw.

Kung paanong ginampanan ang kanyang tungkulin, ay sa isang dako'y isasalaysay sa atin ng mga liham niya't sa kabilang dako'y ng kanyang mga isinulat sa *La Solidaridad*.

III

MGA LIHAM

Nakipag-usap kay Calvo y Muñoz, at ito'y nangako sa kanya ng pagtulong. Totoo na sa pagkakinatawan (diputado) ay nagsalita nga sa Congreso, at ang mga sinabi't naging bunga, ang pagkakálat (propaganda) na ginagawa ni Del Pilar upang pukawin ang pangmasid ng pamahalaang Kastila hingil sa mga kailanganin ng Filipino gayon din naman ang hangad niyang isangkot ang mga fraile sa suliraning ito ng laban sa kanilang kalooban, ay makisig na iniuulat nang ganito:

[*(Madrid 5 Marzo 1890)*... At siya nga naman: di nalaon at nagsalita sa Congreso ng tungkol sa Filipinas. Ang sinabi niyang ito ay siya naman naming ikinakálat upang mahalò baga ang natutulog na isip ng Kastila tungkol sa mga kailangan ng ating bayan. Marahil ay makatutulong dito na naman ang satsat sapagkat magagalit ay magsasalita ang kanilang periodico ay wala tayong kailangan kundi ang parating pag-usapan ang ating bayan at nang mapansin...]

Ang sulat ng ika-29 ng Abril, 1890, ay nakapagpalipos sa kanya ng pag-asa at ipinagpaparangalan na waring masusunod ang pakay niyang binabalak na akitin ang mga kalabang kinatawan:

[Si Valè **[18]** ay mahahalinhinhan na: kung si Burgos ang mahalili ay ang kasama marahil na Director Heneral ay si Calvo y Muñoz: ipinakiusap ko rito na kung saka-sakali ay huwag lamang niyang iwang di nahahain ang proyecto de ley tungkol sa pagkakadiputado ng Filipinas; pagpipilitan daw niya. Mabuti-buti na pag si Burgos ang napariyang kasama si Calvo: kadait

nila ang 2.^o cabong narian, at ang Koronel Pazos ay pamangkin at kanang kamay ni Heneral Burgos: ang coronel na ito ang katulong namin sa Sol.: na kung pumirma ay Padpyvh.

Ang sabi naman ni Quiroga ay hindi raw matutuloy si Burgos kundi si Calleja; hindi ko malaman kung alin sa dalawa. Datapwat ang salitaan ng marami sa Congreso niyongabado ay tuloy na ang paghahalili kay Weyler.

Ang mga diputadong nakausap ko sa iba't ibang partido ay nangakong paaayunan nila ang mga diputado sa Filipinas. Sa partido ng fraile ay wala pa akong nalalapitan: titingnan ko kung magagapang ang ilan...]

Sa liham ng ika-9 ng Julio ng 1890, ay nauulapan ang kanyang mga pag-asa, at naghahayag ng pakana ng *politica conservadora* (gawi sa pananatili):...

[Hindi ko malaman kung matutuloy pa si Heneral Burgos ng pagpariyan. Ang reyna ang nangako sa kaniya; ngunit hindi ko malaman kung tatanggapin pa niya ang destino ngayong ang nasa sa poder ay hindi niya kapartido. Kung si Burgos sana'y mabuti't kaibigan ko ang kaniyang pamangkin at kanang kamay na si Koronel Pazos.

Ngayo'y tila si Martinez Campos ang hahalili kay Weyler: aywan kung ito'y papayag. Siya ang may kagagawan ng pag-akyat ng mga conservador, kaya ibig ng mga conservador ay málayô siya at ng di nakababasagulo sa Ministerio. Si Pidal na pintakasi ng mga panotsa ay galit na galit at di na sama sa Ministerio.

Ang Ministeriong ito'y di magluluwat...]

Ang sa ika-15 ng Octubre, 1890, ay nagbibigay ulat: ng pulong (meeting) na dito niya binabalak na ang pankating *liberal* (mahilig sa kalayaan)

ay makipangako upang maging tuparin nito kung muling makyat sa pamahalaan, ang pagkakaroon ng mga kinatawan sa Cortes, at ng isang lalang na iniumang laban kay Padre Nozaleda upang ito'y gipitin o ilugmok sa pulà; na ang bunga ng binhi niyang taglay ay may kahilawan pa, na nauukol antabayanan ang pagkahinog at kung magkagayo'y makapanunumbalik nang tahimik sa kaniyang pamamahay:

[May inihahanda kaming malaking piging na titipunin diyan ang pinakaulo sa mga partido (katiyap na sila) at diyan pag-uusapang dapat magkadiputado sa Filipinas, at ng pagpanhik uli ng mga liberal sa poder ay maging utang na nila ang pagtupad ng gayong adhika. Sa piging na ito ay may dalawang taquigrafo na susundang isusulat ang lahat ng sasabihin ng isa't isa, at saka namin ipalilimbag at nang mabasa ng lahat. Aanyayahan si P. Nozaleda. Kung siya'y makisalo sa amin ay hindi siya mangangahas magsalita ng laban sa amin; kung hindi siya dumalo, ay katungkulan niyang sumulat sa amin, at sa sulat na iyan ay hindi siya makapagpapahamak manumpa at ilalagay namin sa mga periodico; kung hindi siya dumalo at hindi sumulat, ay ilalathala sa mga periodicong siya'y walang educacion.

Maiisod-isod pa ang pag-uwi ko, sapagkat ngayon pa lamang parang nagmamanibalang ang dala kong punla rine; masamang pabayaan, at sayang. Mahinog lamang ito't ako'y magmamanukan na lamang...]

Ang mga liham na ito'y umaabot hanggang sa taong [18]95 at ang badhang inilalagak ay nakagagálit, palibhasa'y pawang walang likat na pagkabuo't pagkagiba. Kung kailan masigla ang pag-asa ni Del Pilar, ang pagkabigo'y dadalo upang alisan siya ng pag-asa. Gaya nga niyaong siya'y magkaroon na ng isang maibigin sa dangal ng higit sa ginto, at nalalapit nang magwagi ay ang digmaan sa Melilla'y humadlang at

isinadlak sa isang gipit na kalagayan hindi lamang ang kanyang diwa kung di pati ng sa sambayanang Kastila.

Samantalang si Del Pilar ay nagsusumakit at di nagpapabayang maglaliyong ang kanyang diwa't katawan sa pagbabangon ng lugaming kalagayan ng kanyang bayan, ay ang pagkabuhay nama'y nagiging hikahos sa kanya hanggang sa walang madampot na isang subong kaning makaapula ng masidhing pagkagutom, walang saplot na maipanlaban sa tindi ng lamig, walang kahit upos na mahithit maliban sa nahihingi, dili'y napupulot. Ang pagsisikhay sa pagkakalat ay nanghihina maya't maya hanggang sa ang pinagkahirapang abuloy ng kanyang piling ay gamitin hindi sa sarili niyang mga kailanganin, kung di sa gugol ng papel at limbagan ng *La Solidaridad*. Lipos ng sakit gaya ng bukol sa leeg, pamamanas, puyó sa kanang bisig, at isang talamak na panlulungkot na nagbubuyóng ibigin pa ang kamatayan, ay kahanga-kahanga ang di pagkadamay ng kanyang kaluluwa, dili ang di pagsuko sa alinlangan, ng katibayan ng kanyang loob at malakas at tunay na nananalig.

Tunay na ang hibo'y malakas at nakahihikayat, sapagkat nang lalo siyang nalalaot sa mga malaking pagkagipit at pagdadalamhati, ay tumanggap siya ng balita niyaong kakila-kilabot na paghihiganti ng kaniyang mga kaaway na nagpasasa sa lalong pinakamamahal pa naman niya: ang kanyang pamamahay at ginigiliw na piling. Nakaaaliw sa loob ang sa kasawiang gayon na laman ay hindi siya nahapo dili naghiganti sa kanyang mga kaaway; subali pa'y ang pananalita niya'y pawang isang pag-ibig sa kapwa na totoong mataos:

[...Tungkol sa sumunog o nagpasunog ng ating bahay, ay hindi ko pinagtatakan, lagpas pa sa roon ang mahihintay natin sa kanila at sukat naman. Sakaling kadugo rin natin ang ginamit sa gayong pakay ay inaasahan kong ililigaw lamang ng di kinukusang kabulagan, sa pagkat di ko mapaniwalaang sasapit hanggang diyan ang maglililo sa akin, kung nakatatalastas din

lamang ng tunay kong pagmamahal sa kaniya. Wala akong hinanakit munti man sa aking loob. Ang pinanghihinayangan kong totoo'y ang mga apunteng ininot-inot ko buhat pa nang ako'y estudyante, tungkol sa mga bagay na pinamuhunanan ko ng mahaba at mahirap na pagdidili-dili: bukod sa rito'y ang mga tula ng ating mga nunò, na pinagpilitang matititik sa papel bago namatay ang Tatay at ang Tiya Tikang. Sayang! Matatandain ka rin lamang ay pagpilitan ninyo ni Memang na maiuli: gayon ding ipasulat mo ang *legajo* ng mga bata at nang makita nila kung sila'y lumaki: ang ibig ko sana'y ang magisnan nila ang titik ng kanilang ama...]

Bagama'y hindi rin nawalan ng ilang ayaw nang kumilalang utang na loob ang pagkakapagal niya sanhi sa bayan, ay isinisisi at isinusurot pa sa kanyang mukha ang pagpapawala niyang kabuluhan sa sariling kaginhawahan. Ang gayo'y tinanggap ni Del Pilar na taglay ang isang pagkabayaning karapat-dapat tularan at ipinagpayo sa kanyang mga kababayan, na mag-impok ng pananalig at magsanay na gumamit na buo ang loob, ng mga karapatan ng mamamayan upang huwag silang pagsamantalahan nang kalait-lait:...

[Huang mo nang pansinin ang mga sabi-sabi tungkol sa akin ni Capitan Andres at ng mabait na si Antonio. Talagang ganito ang nagtatapat sa kaniyang bayan: siyang alimura.

*“At sa balang sukab na may asal hayop
mabangong incienso ang isinusuob.”*

Tunay ang sabi ng mabait na si Antonio, na walang masasapit ang munting bumangga sa malaki. Datapwat kung walang masasapit ang bumangga ay lalo't higit na walang tinutungo ang gawang sumuko at paalipin. Bukod sa roo'y kung walang masasapit ay bakit umaalok ang malaki sa pakikipagkasundo?

Bakit naalis ang *estipendio* at ang nahalili ay *sueldo*, bagay na ikaluluwag ng kabesa sapagkat wala nang kailangang maghigpit ang kura sa paglalaglag ng patay at *ausente*.

Bukod sa roo'y hindi naman ang pagbangga sa malaka ang nilalakad dini, kundi ang paghingi ng ikaluluwag ng bayan. Kung nalalaman niyang kapos ang aking lakas, bakit hindi niya ako tulungan?

Sabihin mo kay Toniong na siya'y nag-aral, siya'y iginalang ng bayan, hindi siya si Capitan Andres, hindi siya si Eusebio Plata, dapat niyang pakamahalin ang kaniyang pangalan, ay totoong kahiya-hiyang marinig sa kaniya ang mga sabing aliping alangan sa isang abogado.

Ang panabi ko rini ay isa siya sa nagbibigay-lakas sa akin, isa siya sa maaasahan ng bayan, ay kahiya-hiya tayo kung mabalitaang ang mga panukala pala ng ating Señor Abogado ay panukalang tupada lamang. Huwag ganoon, papurihan animo niya ang mga kababayan natin: kung walang magagawa ay huwag man lamang pahalatâ.

Sa pananaog ng suweldo ay talagang hindi inaalís ang deretsos. Ang deretsos ng simbahan ay hindi maialis ng gobyerno, samantalang ang gobyerno ay catolico. Ang inaalís ng suweldo ay ang dating estipendio, na ito'y dili iba kundi ang ikawalong bahagi ng ibinabayad natin sa cedula personal.

Ngayon, ang deretsos na sinisingil diyan ay labis, kaya'y ang namamaya'y dapat mag-aral ng arancel sa simbahan at huwag magbayad kundi ang talagang katampatan. Hindi makapaghahabla ang cura kung ayaw magbayad ang tao nang lagpas sa arancel, sapagka't hindi mapupuwing ng may

kapanyarihan ang nauutos sa arancel. Ang arancel na iya'y lagda ng Arzobispong don Basilio Sancho na pinagkayarian nila ng iba pang obispo sa mga lupang iyan.

Itanim ng mahihirap sa kanilang isip ang susunod na tagubilin ng arancel at nang huwag siyang madaya. Ganito ang sabi:

ISA PANG TAGUBILIN.

Ang mga maralitang walang sukat ikabayad ng deretsos kundi magbili o magsangla ng kasangkapan, hayop na gamit sa pagsasaka o bukid na sapat lamang sa kakainin nila at ng kanilang pamilya, ay hindi hihingan ng anuman sa binyag, kasal, at sa libing, gagawing lahat ito ng kura alang-alang sa Dios...]

Ang pakikibakang itinaguyod hanggang sa pintuan ng likmuang kinalalagyan ng di magagaping moog ng mga fraile, ay dapat ngang magsisipot ng mga bungang sukat mahintay. At sapagkat ang kaaway nila (ng mga fraile) ay nagtamong magpakatibay at hindi gayon-gayon lamang ang supilin, ang hangad nila ay ipinagkatiwala sa patalinuhan ng isip (*diplomacia*). Ang mapanlinlang nilang matatalino'y nagpakilos na ng dunong at katalinuhan na umabat gapangin ang kabuuang loob ni Del Pilar, datapwa't wala silang narating. Nangakatatawá ang mga liham na nagpapakilala ng mga pagpagal na itong pailalim. Narito ang ilan na hindi na pinili:

[Madrid 22 Enero, [18]90 Ang mga panotsa ay nagpasugo sa akin at inaalok akong makipagkasundo na sa kanila; ang wika ko'y hindi naman nila ako kaaway, kundi nana-nanggá lamang sa mga tagà nila: pag walang tagà ay wala namang sanggá. Magtatayo raw di umano ng isang partido rini na lalakad ng ikagagaling ng Filipinas, ay pumasok daw ako at ang mga kaibigan ko; ang sagot ko'y magpublicar sila ng isang pahayag at anyaya tuloy sa mga Filipino at pag ang programa ay ikagagaling

ng Filipinas ay marami ang wika kong mahihikayat. Ano pa't wala silang nakitang tangô ni ilíng sa akin....]

[Madrid 4 febrero 1890.... Ang hapding dinadamdang ngayon ng mga panotsa ay pagbubuhatan marahil ng ibabait nila sa Tagalog, ang hinahabol nila ngayon ay ang maibalik ang loob ng tao ríyan, yayamang hindi nila makuha sa dílat at pana-panaan. Ang pasugo sa akin dini ay huwag na raw sana silang banggain, at sila na ang lalakad ng iba pang katuwiran ng ating bayan: magtatayo raw sila rini ng isang matibay na partido ay pumasok daw ako at ang mga kinabataan. Ako'y hindi tumango, hindi naman ako tumanggi: pinuri ko na lamang nang pinuri balang sabihin sa akin...]

[Madrid 1° Abril. 1890 Nilalakad dini ng mga Dominico na magkaroon sila ng pahintulot na makapagtayo sa bawat parokya nila ng Monte de Piedad, na salapi nila ang gugugulin: hindi pinahintulutan ng gobyerno at sawi raw sa kanilang pagtalikod sa mundo ang mga negosyo, sa mundo: pinagtatawanan ng mga Agustino ang pagkabigo ng mga Dominico. Ang sabi naman ng mga Dominico'y kasalanan daw ng Agustino ang pagkasira ríyan ng prestihiyo ng lahat ng fraile, bagay na ibig sana nilang iuli sa pamamagitan ng Monte de Piedad sa bayan-bayan: ngayon ani P. Marin (Dominico) ay kundi ang Diyos Espirito Santo ang manaog diyan ay hindi na mapipigil ang paghina ng kanilang dating lakas...]

[Madrid 3 Marzo 1891...Nagpasabi sa akin ang isang Dominico rining may mataas na katungkulan, na huwag daw silang ituring na kaaway: ang sagot ko'y wala kaming kinakaaway, hinihingi lamang namin ang talagang atin. Nagpasabing muli na sila raw ay hindi sumasalansang sa aming hinahabol; pinaíntindihang kaipala raw ay ang mga Agustino, Recoletos't Franciscano ang

humahadlang, sila raw ay hindi. Salamat sa Diyos! Nang una’y sa dila na na lamang tayo kinukuha; ngayo’y gumagamit na sila ng “Hindi po ako”....]

At itong isa, upang pagkakilanlan ng pagkahigit sa kaaway hanggang sa mga kawani nilang pahayagan:

[Madrid 14 de Abril 1892 Ang bagong heneral diyan ay sinisiraan na ng mga puti riyan. Doon pa naman inilagay ang kanilang panira sa periodicong *La Epoca*: ito’y periodico ng mga conservador na kakampi ng heneral na iyan. Datapwa’t walang tumulong na isa man lamang sa maraming periodico conservador. Ang naisagot sa *Epoca* ay ang periodicong liberal: ang *El Correo* (kay Sagasta), *El Pais* (kay Ruiz Zorrilla, republicano), ang *Liberal* (walang panginoon). Ito ang nangagmalasakit sa heneral na iyan. Ang puri ng kaaway ay siyang lalong malaking kapurihan, kaya sa ginawa nang fraile ay lalong pinalaki si Despujols.

Ito’y nagbibigay-lakas sa amin, sapagkat pati ng mga kasapi ng mga puti ay napagsasabihan naming diyan ay makikita nilang ang kalaban ng kanilang mga pari ay hindi ang tao kundi ang katwiran.

Ang periodico ni P. Font (*La Politica de Espana en Filipinas*) ay siyang nagpuri nang nagpuri kay Heneral Despujols bago umalis dini. Ngayo’y hindi nakakibo: ibig pumintas ay hindi makapintas...]

Plaridel, 16 Febrero 1907

SA GANITONG babag-patayan ng dakilang tagatalad ng bayan, at ng nakapangyayaring hari, ang fraile, бага'y isa sa mga naghahamok ay sapilitang matatalo sa harap ng madlang pagpasiya.

Buhat sa mga una pang pagbubunggo sa Filipinas, ay ang kaaway bumuway na sa tayô kaya't gumamit ng mga pagkukubli't ng pakikipag-sanggunian. Si P. Pedro Quiros, sa ngalan ng mga kapatid niyang kadamit ang matapang na humarap sa suliranin. Siya'y isa sa mga kurang minahal sa Bulacan na nakakakausap kay Del Pilar, at kaya nga walang lalong nababagay na gamiting kinatawang may ganap na kapangyarihan upang maglagda, kung mánunulos, ng pag-uusapan, at kung hindi'y nagawa naman ang lahat na magagawa.

Sa isang bahagi, si P. Toribio H. del Pilar, ang kapatid ng bayani na ipinatapon sa Marianas niyong 1872, ay nakabalik na't kasalukuyang *coadjutor* sa Bigaa, na siyang may tungkuling pinakamagulang ng kanyang kapatid, at kaibigan naman ng kinatawang kura sa Guiguinto. Si P. Toribio na nakalasp ng nakahihiring kanin sa isang pagkatapon, ay mapayapa, maibigin sa pananahimik, tapat na tagapagsanggalang ng pagkakatali-tali ng isang magkamag-anakan, at sa pagkagilid na niya sa hukay, ay hindi minamagaling na si Marcelo'y magkaroon din ng mapanglaw niyang palad, totoong napakapanglaw sa katandaan.

Nababatid ng kaaway na ang kapatid na panganay, sa loob ng isang angkang Filipino'y humalili sa lagay ng mga magulang, lalong-lalo na diyan sa banal na alang-alang, pag-ibig, at paggalang na hindi mangyayaring sirain, dili papusyawin kahit sa anong bagay. At si Marcelo, sa kanyang piling, ay siya namang uliran ng pagkapihikan [puritinismo]; kaya't inantabayanan pa ang pagkamatay ng kapatid upang luwalan ang dating hanay at ladlad ang mga watawat na makadalo sa paglalamas. Maaari kayang, papaitin pa ni Marcelo, ang marahil ay mga huling araw ng buhay ng kanyang kapatid na dati nang

pagal sa ngitingit ng pagkatiwalag, niyang kapatid na naninikluhod, gaya ni Priamo, sa paanan ng mga bagong Aquiles, na lalo pang mabangis sa kasabihan, upang hagkan ang mga kamay nitong dungisan pa ng dugo ng kanyang mga anak? Sa katwirang Aquiles na mukhaang salakayin ang kahinaan ni Marcelo, ay hindi na makatutuklas ng lalo pang magaling.

Napagkakaalaman sa salaysay sa Bulacan na may inihandog na 50 libong piso at dito’y ipupuno pa ang gugol ng kinatawang sarili sa mga kagawaran ng pamahalaan, na manggagaling sa mga pag-aari ng mga fraile sa Bulacan. At idinudugtong pa ng mga salaysay na isang “hindi mangyayari ang mungkahi” ang siyang naging pangwakas na kapasiyahan sa gayong bagay. Sa mga gangganitong pasiya’y walang dapat maging dagisunan kung di ang pagpapabayang-pámahalaan; datapwa’t ang ganito’y hindi rin nangyari, kayat panibagong paligsa na lalong nakararahuyo marahil, ang idinaos sa kahariang nakasasakop (metropoli); ngunit bigo ring kinahinatnan ang napagsapit.

Gayon ma’y hindi pawang kapalaran, pagkat bawat pagbubunggong ipinagwawagi sa buong pagpapagal, ay hindi kinakamtang tamasahin, palibhasa’y ang pagkainip ng kanyang mga kababaya’t ang pananalikwas ng kanyang mga kaibigan ay siyang umaagaw ng tamis na nilalaspang upang papaitin ng masasamang hibo. Gaanong damdaming dala’t gaanong kamahal at nakalalamuyot na pangungusap ang taglay ng paglilimbag niya sa lahat na ito.

[Ang mga pagpapagód ay hinihipan ng mabuting palad; ang *Gaceta Oficial* ay nagpahayag na ng pagbabâ ng buwis ng mahirap at ng sahod ng mga kura; ang Arzobispong si Nozaleda’y hindi mapalagay, at lumalakad na huwag nang manumbalik sa Maynila. Hindi ang lahat ay masusunod at kahit na matalo, ay ang hinagpis at gulat ay hindi dapat makaalis ng pag-asa. Ang nangyayari’y malaking bagay doon sa kailanma’y hindi natalo, kaya nga’t iniinda ang ganitong kurot sa kakulangan ng pagkasanay, bagay na natatawag makalugod sa mga kababayan; binabalak na kumurot pa ng isa at kaipala’y mangyari; datapwa’t nauukol kuruin

ang pagkakalamangan ng labanan: ang tatlo sa isa, na sa Diyos lamang maiaasa.

Ang isang masamang kilala'y nakahihigit na kay Biltô, na namamataan man lamang kung dumadating na gaya ng katyaw kung namamagagpag ng kanyang pakpak. Si Biltô, ay walang sariling panukala at walang pinag-iwan sa lagnat ng isang bukol, na hindi mapabababâ samantalang may bukol. Huwag sa tagumpay lamang manalig, at may pagkatalong nagbibigay-puri. Ang susundan ng pamamalakad ay ang matuwid at ang kaginhawahan ng bayan; sa ganito'y kapuri-puri kailan man ang pagkatalo. Kung ang mga dating kalaguyo'y nangag-alpas, ay dapat kilanlin, pagkat nagbibigay-daan sa ating sila'y mangakilala. Hindi lagi nang magtatagumpay ang mga fraile; sila man nama'y hindi maupo't matayo: nangaghahakot sa Australia ng kanilang mga kayamanan, at dini'y nangagmamalasakit na maipagbili ang kanilang mga lupain.

Dahil man lamang dito'y nababagay na maminsan-minsang makimatyang sa bayan, lalong masama ang magpaubayang walisin ng isang bayang hindi sukat maaasahan. Ang bayan na hindi marunong lumingap sa mga nagsigawa sa kanya ng magaling, kung di doon sa mga manggagahis na sa kanya'y dumadaya, ang bayang iya'y isang kahoy na napakamurâ na hindi magagamit na haligi't aanayin lamang. Ito ang lalong nakagaganyak sa akin ng pagbalik, aniya, palibhasa, ano mang laki ng balangkasin ay kulang ng mga haligi. Balang sulat ni Vicente, ay nakapagpapauntol ng aking paglakad, datapwat kung ako'y titira dini nang walang gagawi'y hindi ako dapat magpatumagal.

“Ayon sa ibinalita ko na kina Vicente, ay may kaunting karayagan na ang adhika ng nangagmamahal sa bayan. Inihayag na sa *Gaceta* rini ang pagbababâ ng buwis ng mahihirap at pagsusuweldo sa mga kura. Hindi na ibig bumalik diyan ng bagong arsobispo; humahabol na siya'y ilagay na sa ibang obispado, kung hindi mangyari ay saka pa lamang babalik diyan; hanggang may magagawa ay tila hindi na ibig umupo sa

arsobispado ng Manila. Sabihin mo sa kanila na matalo man sa ibang bagay, ay huwag namang lubusin ang dalamhati, huwag lubusin ang sindak. Ang mga nangyayari ngayon ay malaking bagay sa mga nasanay na sa walang pagkatalo. Kiíng lamang ay minamahapdi na nila at hindi dating nakatitiis ng kiíng, kaya itong kaunting kurot na ito’y damutin na ng mga kababayan. Hindi naman sana naglilikat dini at nag-uupanding makakurot pa, at kaipala’y makakurot din; datapwa wariin naman nilang ang lagay ng laban ay para ni Geronimo at pagtulungan ni Apan, Biô at ni Patók: ang talaga ng Diyos na lamang ang sukat asahan.”

“Sabihin mo kay Inte na kung hindi rin lamang mason ang kapalit ni Bildo ay mabuti pa ang masamang kilala na. Ang samâ nito’y para lamang ng manok na matunog ang pakpak, malayo pa’y nakikita mo na; ang lalong masama ay yaong dumarating nang hindi mo nakikita. Si Bildo’y walang lakas na sarili, walang magagawa kung siya lamang, ang sama at lakas ay nasa ibang tao: siya ay parang isang lagnat na dalá ng pigsa, kahit anong apula ang gawin mo sa lagnat ay walang kabuluhan, sayang lamang ang gamot sa lagnat, hanggang nagnanaknak ang pigsa ay naroo’t naroroon din ang lagnat. Huwag nilang hahangarin ang matampok sa panalo lamang; huwag lilimutin ang madalas kong sabi sa kanila, mayroong katalunang panalo rin: huwag lalayo sa katwiran at sa ikagagaling ng bayan, mangyari ang mangyayari, huwag masisindak tungkol sa bagay na ito at manalo’t matalo, ay tayo ang puri. Kung ang mga dáting kasáma ay humihiwalay sa kanila at napakakabila sa mga nagtatagumpay, ay pasalamat sila at nagkaroon ng panahong napagkilala kung sino ang talagang tagahiyaw lamang nang viva, at kung sino ang talagang may loob sa kababayan, at may loob sa katotohanan. Hindi parati ang pagkapaibabaw ng satsat, sila may hindi umaasa, kaya’t inililipat na ang yaman ng paring among

ni Apan sa Australia, at nilalakad dining pahintulutang silang maipagbili ang mga Hacienda.”

Hindi man sa gayon ay mabuti rin naman ang minsan-minsan ay mapulsuhan nila ang bayan: lalong masama ang palulóng sila sa pag-asa sa isang bayang hindi maaasahan. Ang bayang di marunong lumingap sa nagpapala, kundi sa kilala nang dumadaya at nagpapahirap, kung бага sa kahoy ay totoong murà pa; pag pinagpilitan mong haligihin ay kakainin lamang ng tangà. Ito’y isa pa sa ibig ko nang ibalik diyan sa pagka’t pàlalaki ang balangkas ko’y kulang ng hahaligihin. Balang sulat ni Vicente ay isang pampauntol ng aking lakad; hanggang sa ako’y tatahimik na lamang dini ay hindi ako dapat matira rito kung pag tahimik lamang ang gagawin ko.”

Tunay nga na ang mga fraile’t kanilang mga katulong ay hindi nahihimlay, datapwa’t kaluguran na ni Del Pilar ang di pagkakápakanan ng kanilang mga pakana.

[Ang ministro (kagawad ng hari) at ang mga makapangyarihan sa España ay nakaaalam na ang lahat na kasigalutang ipinagtatalakan sa Filipinas, ay pawang lalang ng mga fraile. Si Weyler ay hindi pa mauuwi, pagkat ang kahalili niya’y ayaw lumulan pa sa sasakyan. Huwag mabaklahan nang labis: si Weyler ay pinadparan ng pakpak kaya’t hindi makalilipad; бага ma’y nagpapanibagong pananakali; mangag-ingat kayo. Sansalain ang kanyang paglipad, kung maaari, at kung hindi’y igayak ang uurungan. Katakutan nga siya datapwa’t huwag pamahayin sa katawan ang katakutan.]

“Sa mga sulat na galing diyan ay napagtalastas kong nagdaang mahinusay ang fiesta ng Santa Cruz at Binondo, na di nangyari ang mga ipinakalat ng mga panotsa, salamat sa Diyos. Ang mabuting nangyari ay ang handa na ang loob ng ministro at iba pang matataas na tao at ang tinamo ay sumabog na rini ang

balita na pawang pakana nila ang mga sinasabing mangyayari rian.

Si Weyler ay nahalinhin na sana; ngunit ayaw umalis din ang talagang inihahalili. Sabihin mo sa kanila rian na huwag silang padadala sa sindak, sapagkat may pakpak na naputol sa kay Valê, ay takot maglilipad, kaya ibang paraan ang tinutungo, ngunit mabuti naman at hindi mangyari ang paraang ito, na sa banta ko'y di nila pababayaang mangyari, hanggang mapipigil ay pigilin; ngunit kung hindi mapipigil ay huwag pagipit. Pangambaha'y huwag mangamba."

Palibhasa'y hindi masunod kay Del Pilar, ay ang kanyang piling kamag-anaka't mga kaibigan ang pinaghihigantihan ng kaaway, ano pa't bawa't isa ng ganitong paghihiganti'y tumitimo sa kaniyang puso. Ang liham ng ika-10 Febrero ng 1891, ay nag-uulat ng gayong kalagayan ng kanyang diwa, niyaon bagang lapastanganin ang isa sa kanyang hinlog na si P. Gregorio Crisostomo. Gaanong karangalan ng pagkakásaysay ng lahat na tumutukoy sa paring ito!; ang huling pangkat ng sulat ay maanghang na parunggit sa mga mapanggahis at sa mga napagagahis naman.

"Sabihin sa Ka Imbo at sa Ba Biang na ikinalulumbay ko ang nangyari kay Pare Goyo. Datapwa't ang pagkaduhaging buhat sa paggalang sa katwiran ay isang dangal namang sukat pangimbuluhan ng lahat. Yaong kawikaaang kung ibig mong mabuhay ay mag-asal kang patay, ay isang matamis na hibong ipinagpatulog sa Katagalugan ng naghangad sumupil sa atin. Ang taong nabubuhay ay dapat ipagtanggol ang kaniyang buhay at ang sa kapwa tao, sa ano mang kapanganyayaan, gaya na nga ng malinaw na pag-api sa nakikilalang katwiran. At kung ang lahat ay may katungkulan nito ay lalo't higit yaong mga kinaalang-alangan sa bayan, na para na nga ng mga pari, sapagkat ang alang-alang ng bayan ay sukat lamang gantihin nang tapat na pagmamahal at pagtatanggol sa nagsisilang.

Bawat isa’y gumawa ng makakaya at ang di makakaya’y ihain sa Diyos alinsunod dito’y kalamayin niya ang kanilang loob.

Sa pagkapahamak ni P. Goyo at di pagkaano ni Mariano, ay naaala-ala ko ang kakâ at si P. Fernando. Si P. Fernando ay masulong, siyang di naanó: ang kaká ay timtiman, siyang napa-Marianas.”

Ang politika ng Kastilang magbigay lamang kung tunay na napipilitang magbigay, gayon din ang pagtatamong bunga ng katiyagaa’t pagpipilit nitong, isinasalaysay ang buhay ay nahahayag sa sulat ng ika-8 ng Mayo 1895.

[Ang bagay na aking nilalakad ay nagkakaroon ng bagong anyo. Ang pamahala’y unti-unting nag-iiba ng pamamalakad sa mga Tagalog; nasang tingnan sila sa pangambang palukob sa pamahalaang-Japon. Ngayoy ipinalalagay nang sinungaling ang mga fraile’t walang nang taong laban sa pamahalaan, sa Filipinas].

“Ang nilalakad ko ay tila nakakikita ng bagong liwanag. Ang gobyerno ay unti-unting nagpapanibagong anyo sa Katagalugan: tila hinihimas-himas, sa panganib na baka pasakop sa Japon. Pinasisinungalingan na ngayon ang fraile, wala raw filibustero sa Filipinas.

Kamusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.”

Ang bahaging ito’y sagana ng natutungkol sa mga fraile, sa mga lalang nila’t paghihiganti, gayon din ng mga natutungkol sa kanyang kababayan, tanging-tangi ng mga taga-Bulacan. Sa lahat nang ito’y namamagawpaw ang isang badha ng madiing panlulungkot na pinupukaw ng sakit-pananabik sa kinagisnang tahanan. Manaka-naka ngang pinanalaytayan ng paláy-paláy na simoy ng masasal na ligaya,

ngunit ligayang may pamamanglaw aral ng pamamaya't pag-ibig sa bayan, na sa kanya'y iniudyok ng kakulangan ng kanyang kababayan ng pananalig sa palad ng baya't lalong-lalo na ng pagkainip niyaong pagkat walang kayang makapangahas ay humahambalang pa sa landas, na nakasisira tuloy ng loob sa mga masiglang nakikipaghamok nang dahil sa bayan.

Napakaganap ang pagkamabuting táo ni Del Pilar, na ano pa't hindi lamang binibigyang matwid ang gayong pamamalakad ng kanyang mga kababayan, kung di hanggang sa pagpuna sa kanya ring mga kaaway, ang mga pangungusap niyang may matuwid ay nakikipag-unahan sa kagandahang-loob at pagkamapagbigay na sa ganang kanya'y katumbas ng aral ni Cristong pag-ibig sa kapwa. Sa paghahangad niyang gumawa ng magaling ng dahil sa magaling ay pinag-iisa ang lahat sa isang yapak. Datapwa't ang nagpapataas sa kanya, ng kataasang kapantay halos ng isang pangarap sa santong kasulatan, ay iyang pagpapadakila niya ng bayaning pakikipagtalad nang dahil sa tungkulin sa nangagtitis at nangauuhaw sa matuwid, at iyang pagpapahinapang sa pamamagitan ng pangungusap-mangangaral, niyaong mga nagsisipaghintay, na walang agam-agam, walang panlalambot, at walang pagkainip ng pagtatagumpay ng banal na panalig, at samantalang hindi nahihintakutan sa mga makasirang-loob na salakay ng pagkasupil at pagkabigo, ay nagpapasalamat sa Diyos at siya'y binibigyang-lakas, at inilalaan pa sa panibagong balitaktakang ubod pa ng kainitang higit sa una, gayon din pinagkalooban siya ng dahas upang madagit ang pagwawatak sa pook ng kaaway. Ang mga pananalita niya sa gayo'y nagkakaroon ng kataasan, ng silakbo't ng tunay na gawi ng mga romano, gaya ni *consul* Varron na бага man nawala ang Cannas, ay umasa sa wakas na tagumpay ng haring-bayan.

Sa mga taong dakila, (*grande*) ang lahat ay dakila naman, at ang balanang damhin, ay kagyat na nagtataglay ng tatak ng kadakilaan na napagkikilala sa una pang pagkatanaw. Ang mga damdaming tahanan,

kung bagama't tagô, yaong buo't tapat ay nagkakamit ng kabuluhan pang kalahatang-samahan na hindi mahahalagahan. Gaya na nga niyaong natutungkol sa mga kaibigan, hinlog at lalo na ang sa kanyang asawa, ay nalilimbag nang gayon na lamang sa ating gunita na hindi mangyayaring limutin: isang bálong na hindi natutuyan kailanman niyang damdaming wagas na nagpapaliwanag ng mga kabanalan ng isang taong may piling, na sa ganang mga Filipino'y ibayo ang halaga pagkat pagpapakilala ng higit sa aling aklat, niyang pag-uugali ng angkan o sambahayang Filipino, niyang anyong sarili't tandang pinagkakakilanlan ng lahi sa loob ng katutubo niyang kadalisan, at kung paano naman ito sa mga kaugaliang-pamamahay.

Si Del Pilar na siyang tanungan ng kanyang piling, mga kamag-anak at kaibigan, ay hindi pangahas na gumawa ng ano mang may kabuluhan ng hindi muna isinasangguni sa isang wari'y pulong-mag-anak na binubuo ng mga kaliping lalong malapit. Kung nais na manumbalik sa Filipinas, sa halimbawa, ay ang pulong ang magpapalagay ng kabagayan, at sa pulong ipahahayag nang malumanay ang kanyang akala, pulong na ang mga pasiya'y pangwakas sa bagay na pinagsasausapan. Ang matibay na kabuuan ng kanilang damdami't malasakit, ay di nagmamaliw, walang pagbabago't lagi nang binabatá upang patatagin pang lalo. Ang mga sulat ng kanyang asawa, mga kamag-anak at kaibigan, ay siyang nagiging dahong babasahin ni Del Pilar, at ang mga ganang kay Del Pilar nama'y siyang babasahin ng mga niyaon. Ang mga sulat na kinatas o isinalin dito'y para-parang padala sa kanyang asawa't pawang isang salaysay ng lahat. Datapwa't ang lalong mainam ay yaong sariling natutukoy sa kanyang asawa't mga anak.

Ang pinakamalaki'y magsasampung taong humigit-kumulang, at upang din mahiwatigan siya, ay pinatataba ang titik hanggang maging gamunggo o ga-garbanzos. Nakaabang ng lagi sa kapoot-kapoot na *correo*, at baga man ang kanyang asawa't mga anak ay waring walang ipahalata, ay si Adeodato Arellano't mga kamag-anak ang nagsisiwalat sa kanya

ng pagkagipit ng pamumuhay ng kanyang piling at ng mga sakit na maaaring sa kanila'y dumapo. Ipinagbibilin sa kanyang mga anak na alagaa't talimahin ang kanilang ina, at sa ina nama'y walang sulat na pagkaraan ng lagda'y di susunod ang isa pang sa ganang kay Sofia't Anita na gangga-garbanzong titik, himala ng pagkamagaang basahi't unawain, punong-puno ng mga nakatatawan sa kamaliang hanay ng pananalita.

Si Sofia'y hindi matuto sa mga paaralan sa Bulacan, at nakakapiling ng mga pagpapalaway ng ina, kaya'y pinapayagang makaparoon sa Maynila upang mag-aral kay maestrang Margarita Lopez; ngunit nararapat dalawing madalas at ang babae kailan man, ay hindi dapat malayo sa ina: (29 Abril 1890).

“Kung kinalilingatan sa Bulacan ang pag-aaral ay mabuti nga ang sa Maynila siya matira. Datapwa tuwi kong gugunitain ang pagkawalay sa iyo ng batang iyan ay umaagos ang luha ko; bukod sa dalamhating tatanggapin ng bata ay inaakala kong baka ipagkasakit ang biglang pagkawalay sa kaniyang ina at kapatid; nasanay na iyan sa hindi man lamang makatulog kundi ka kasiping ay hindi mabuti ang biglain. May di nga бага sa pagsunod ang bata? Ang paghihirap ng loob ay unti-unting nagbubunga ng sakit. Ang mabuti ay dadalawin mong madalas, titirahan mong mga ilang araw. Kung lalaki sana iyan ay ibang bagay ang ipagtatagubilin ko sa iyo; ngunit babae ay kailangan sanang huwag malayo sa ina kahit isang minuto.”

Ang anak ay hindi dapat magkaroon ng arim-arim, kung di pag-ibig sa pag-aaral, at sa mga magulang natutunkol ang pagpapawili sa pag-aaral, pagkat ang bata'y gawing talaga sa paglalaro't sa kandungan ng ina: (14 Mayo 1890).

“Si Sofia sana'y magsanay na bumasa, sumulat, kumuwenta at matuto ng mga gagawing babae. Si Sofia'y may talento, kaunting

turo lamang at kaunting aral ay matututo. Papasukin mo kaya sa Ka Pina; sanayin ninyong magbangon nang maaga, at nang di lumaking lampa. Kahit na dagdagan ang laro ay magkaroon laang araw-araw ng panahong ipag-aral at ipagsanay sa mga gagawin.”

Si Sofia’y dapat mahirati sa pagbasa, pagsulat at pagkukuwenta, gayon di sa mga gagawin ng babae; gumising nang maaga’t isaglit sa paglalaro, ang pag-aaral at paggawa: (24 Julio 1890).

“Ang ibig ko sana’y papagsikapin siya ng pag-aaral, ngunit gawan ng paraang huwag niyang ipagtanim at ikahapis ang gawang mag-aral. Hindi lamang kay Sofia; sa lahat ng bata ay ito sana ang mabuti. Huwag hintin na ang bata ang magkusa sa gayong pagsisikap: ang matanda ang dapat umisip ng sukat ikawili ng bata sa ikatututo niya. Ang bata ay walang hilig kundi ang maglilikut at ang sumankandungang ina; ang matanda ang siyang dapat maghatid sa bata sa ikawiwili sa pag-aaral.”

Mabuti kung si Sofia’y nahihilig na sa pag-aaral, ngunit dapat mong dalawin tuwina; may mga bagay na ang pakiramdam lamang ng ina ang nakahahalata’t nakakaligtaan ng malasakit ng tapagturo (30 Septiembre 1890).

“Mabuti kung nawiwili si Sofia sa eskuwela ni Maestrang Margarita; mabuti naman ang may kagaya sa pag-aaral. Parati mo lamang dadalawin, at nang nakikilala mo ang hilig ng kaniyang kalooban. May mga bagay na hindi mapapansin ng maestra, nguni di makawawala sa mata at pakiramdam ng isang ina. Nang maliit si Sofia ay malaki ang pag-iingat mo sa pakikipaglaro sa kapwa bata; ngayon ay sukat mo ring pakaingatan.”

Si Sofia'y nagdadalaga na, at inaasahang hindi pababayaang ng ina ang pag-aanyo sa kanyang isip at loob. Siya'y katutubong mabuti kaya't inaakalang hindi magpapahirap sa kanyang ina. Siya (si Marcelo) ay nasa malayo at hindi makapagsasanggalang sa kanya sa panganib. "Nguni may lalapastangan kaya aniya, sa kanyang anak, na hindi sa sarili rin lumalapastangan?" (24 Mayo 1893).

"Si Sofia ay magdadalaga na, inaasahan kong di mo kalilingatan ang pag-aalaga sa kaniyang isip at loob; niyong maliit pa'y masikap ka sa paglalayo sa kaniya sa ipagkakasakit ng katawan, gayon naman ay sa sakit ng kaluluwa dapat pakaalagaan. Kung sa bagay ay may katutubong bait ang batang iyan, ay hindi naman, sa banta ko, magbibigay-hirap sa kaniyang ina. Ako'y malayo sa inyo, hindi ko maipagtatanggol sa mga panganib diyan. Datapwa't hindi naman kaya ikakutya sa sarili ang magbalak na lumapastangan sa anak ko?"

Ang natutungkol kay Anita'y lalo pang kalugod-lugod. Tinutunghayan ng gunita ang mga kasinungalingan nito, isinasaulo ang mga titik na unti-unting nakikilala ni Anita, isinusulat kay Sofiang alagaa't kaaawaan ang kapatid niyang maliit, na kung siya ma'y kinakagalit at itinutulak ay sa palibhasang wala pang kamalayan sa mga ginagawa. Baka kaya masagasaan ng karomata kung naglalarong patawid-tawid sa lansangan? Kung ang bulutong, pagkat panahon ng tag-init..." Ah! Diyos ko! Kaipala'y mapikit akong hindi nasisilayan ang aking anak." (Naiwan nang iisang tao't apat na buwan lamang). Loob niyang sulatan siya ni Anita ng kahit pakalá-kalawit at si Sofia naman ang magbigay-kahulugan sa kanyang ama, ng ibig sabihin ni Anita. "Nakaaalam na, Diyos ko, ang aking anak ng labindalawang titik! Mag aral na nga siyang sumulat, ngunit sa dahon na lamang muna ng saging upang masanayang huwag magpabigat ng kamay" tuloy pinadadalhan ng laruan na iba't ibang hugis ng titik sa iba't ibang bayan, upang samantalang naglilibang ay pasanay na natututuhan ang *geografia*.

Dating gawa ni Del Pilar, ang magpasadya ng tinapay na maliliit, na hugis titik o letrang malaki; kung nasa kanya na'y isa-isang kinukuha't ipinakikita kay Sofia upang kilanlin kung anong letra, at kung mahulaa'y ang letrang-tinapay ay mapapasakamay ng anak, at sa ganito't nauutas – ang pagiging letra. Nahahawig dito, ang ipinagtatagubilin ni Del Pilar kay Sofia na gawin naman din nito kay Anita, samakatwid ay palarong larong turuan upang magkagiliw sa pag-aaral.

Natatalastas ng asawa ang malaking pananalat ng pamumuhay ni Del Pilar, kaya nga't namumulot lamang sa lapag ng mga upos na mahithit at maipagpatid-gutom, hanggang sa sumalang minsan na siya't ang mga anak ay sulatan sa kawalan ng maibili ng selyo; datapwa't siya man naman, sa kasawiang palad, ay salat na salat; kaya't tumanong ng kay Anita na, sa isang bigkas ng pagkamagandang-loob na anak, ay nagbigay ng lahat niyang natipon sa pamamasko, at sa pamamagitan ng kanyang ina'y ipinahahatid sa kanyang ama. Ang ama naman, ay lumuluhang tumugon ng ganitong nakadudurog na mga pangungusap:

“Totoong hindi ko malimot-limotan ang padalang piso sa akin ni Anita. Huwag mo naman sanang tinotoo ang pagpapadala at ng naibili ng chapin si Ineng. Nagpuputok ang dibdib ko tuwing gugunitain ang pagsasalat ninyong mag-iina riyan, kaya malaki ang nais kong mauwi na nang maganap ko naman ang pagkakalinga sa mga kapilas niring buhay.”

Diciembre, 1906.

Plaridel, 1 Marzo 1907

Nagpapasakit sa kanyang gunita ang mga maitim na gabing pawang puyat at pangarap. Madalas niyang mapanaginip na nakaupo sa isa niyang tuhod si Anita't sa isa naman si Sofia na nangagpapang-agaw sa

pagmamahal niya't sa kanya'y pumipigil sa sariling tahanan, samantalang siya'y halos mahaling ng paghalik sa kanila; datapwa't mamumulagat siyang balisa't basa ng luha; ang gayon pala'y panagimpan, dili iba't isang panagimpan lamang. Ang dumudurog sa kanyang puso'y ang pangungulila ng kanyang mga anak, at ipinalalagay niyang siya'y pinakasawing-palad sa kapwa mga ama pagkat ang kanyang mga anak ay pinakasawing palad naman sa kapwa mga anak: "Parating namamalibis ang luha ko tuwi kong aalahanin ang kanilang pangungulila. Datapwa't nagamot ko na lamang ang lumbay ko ng tapat na pagtawag sa Diyos, sabay ng wikang sundin ang loob mo dito sa lupa para ng sa langit. Napakaaba ako sa lahat ng ama, pagkat ang mga anak ko'y napakaaba sa lahat ng anak."

Nauntol ang pagtanggap niya ng sulat ng kanyang asawa, at baga man isinusulat sa kanya ni Sofia na walang ano mang nangyayari sa kanyang ina, at palibhasa'y si Deodato Arellano'y walang ipinadadalang sukat makabusog na paliwanag hinggil sa kalagayan ng kanyang piling, ay mapapanglaw na kaba ang sumalakay sa kanyang kaluluwang hapong-hapo, kaya't sa Diyos na kanyang Panginoo'y humihinging ilitas siya sa gayong kasaklap na sandaling nakahihigit sa taglay niyang lakas: [Anong pagkahirap-hirap nito Diyos at Panginoon ko...]

Wala ngang sukat ipag-agam-agam, siya'y nararapat umuwi sa sariling pamamahay. Ano ang magagawa sa kanya? Ipatapon siyang gaya ni Rizal, dili kaya'y bigyang kamatayan siya ng kaniyang mga kaaway. Mapipili ang pagkatapon kaysa pagkawala na niyang pag-asa, at mapipiling makalilibo ang mamatay sa patalim kaysa mahayok ng gutom. [19]. Kung wala na nga lamang kung di ang paglibak at ang di pagganting loob ng kanyang kababayan, ay maituturing na di kalakihan; datapwa't yaong isa, yaon bagang pagdadalita niya't ng kanyang piling, makatatanggap baga ng makalalamuyot na alok ng kaaway, siyang ipinagmamalaki't ipinagkakadangal ay ang hindi pag-amuki

ng kalalagyan sa pamahalaan, huwang lamang mawala ang kanyang kalayaan? [20]

Bagama'y sapilitan ang magtumira sa bayang nakasasakop (metropoli); ang kabuhayan ng tinubua'y gayon ang hinihingi. Tangi pa sa pasiya ng pulong ng kamag-anak at sa mga luhog ng kanyang asawa, ay si Blumentritt, si G. Florentino Torres, at lalong-lalo na si Morayta't Quiroga Ballesteros ay gayon din ang sa kanya'y ipinapayo.

Sa mga isinalin nang liham, ay nasasalat ang isang kayamanan ng wikang Tagalog, wikang kasinsariwa ng damo sa umagang tigmak pa ng hamog, buháy na buháy at tubò sa lalong katutubòng lupang Malayo. May mga luha rin naman, ng kamuraa't kagulangan; datapwa't yaon sa kabataa'y kawangis ng "ulang paraan-raan kung Mayo," samantalang yaong sa katandaa'y kawangki ng "panig-hapóng liwayway Malayo" ng mga manunulang Filipino, na ang pamamanglaw ay hindi matalos ngunit hindi rin naman maisaysay, pabigla-biglang malagot, saglit-saglit na may mapait na lángaping nakahihirin.

Lalong matahimik at mahinahong kalakip ang isang tuwang kung minsa'y tapatan, at kung minsa'y may pagkadaláng, nagpaparunggit, ngunit tapat at malinis na loob yaong mga liham na nauukol sa kanyang mga kaibiga't kasama. Ang lingap-magulang ng matandang Morayta; ang mga payong malamán ni Blumentritt; ang kabutihang-loob ng di maihiwalay na katotong Naning (G. Mariano Ponce), ang mga kagasuhan ni Lete't ni Dodong (Dominador Gomez) na sa pamamagitan ng isang bigkis na karayom ay kinakadlitan ang balat ng kasamahan upang tamnan ng bulutong, atbp. atbp., ang lahat nang ito, maging niigan, maging sagila lamang ay nagtatalang wari'y sadyang iniukit sa alaala, lalo't higit ang nagsasabi ng tungkol kay Rizal na minamahal niya nang tausan.

Ikinagagalak ang pagdating sa Madrid nila Serrano't Rizal, ibinabalita ang pag-uwi ni Rizal na pinagbabalakang sundan makaraang makipag-usap kay Blumentritt sa darating na tag-araw: (6 Agosto 1880).

“Narini na si Pedro Serrano, dumating kamakalawang buhat sa Paris, kasama si Rizal. Si Rizal ay babalik na ryan, ako man nama’y susunod na pag may napag-iwanan nitong tinatangnan ko rito. Datapwa ibig ko munang makipagkita kay Blumentritt, ako’y paroroon sa kanila sa haharapang verano.”

Ang mga Filipino, isa sa kanila si Rizal, ay nangagdiwang ng noche buena ayon sa kaugaliang kanagisan: [“Mabuti ang panahon ngayon, ang lamig ay hindi katindihan. Kagabi’y nag-ipon-ipon kami ni Rizal at ibang tagariyan, upang ipagsaya ang noche buena. Ang kaliwang kamay ng bawat isa ang naging dulang, at ang kanan ang ginamit sa gawi nating pagsubò. Kumain kami ng kanin, pavo, lichong may salsang gaya rin ng diyan, palibhasa’y ang tagapagluto’y Filipino. Nang maghiwa-hiwalay kami’y ika-5 na ng madaling araw.”] (25 Diciembre 1890)

“Ngayon ay mabuti ang panahon, ang lamig ay hindi lubhang masasal, kagabi ay nagkatipon kami nila Rizal, marami kaming tagariyang nag-noche buena, ang mesa naming kinanan ay ang kaliwang kamay ng bawat isa at ang kanan ay pansubo: ang kinain namin ay kanin, pavo, lechong may salsang para ng salsa ryan, sapagkat ang nangusina ay Filipino. Nang maghiwa-hiwalay kami ay a las cinco na ng umaga.”

Ang nangyari sa Calamba, pati na naging bunga niyang langkay-langkay na pagpapatapon ang nagbigay-pait sa kanyang kaluluwa, at nakapagpamulás sa kaniya ng mga kuro-kurong di sang-ayon sa Dakilang Martir, na di sana niya loob na pumarito sa Filipinas sa pag-aalaalang masayang at walang malay na makalalang ng kasawian ng isang bayanan. Totoo’t nakakahawig ang nangyari sa Malolos, datapwa’t wala niyong kasindak-sindak na bunga ng sa Calamba: (17 Agosto 1892.)

“Ang sinasabi mong huwag kong parisan, ay katakot-takot nga naman. Ang taong iyan ay wala ng nabubuo ay pawang linalansag ang unti-unting itinatayo ng iba. Hindi

iyon ang kaniyang nais; ngunit sa kapusukan ng kaniyang palakad, ay walang tinutungo kundi ang mapanganyaya. Kung ang ikapapanganyaya ko'y ikagagaling ng marami, ay hindi ko iindahin. Datapwa, kung hindi rin lamang, bagkus ikapapanganyaya pa ng marami, ay sayang na totoo. Ang nangyari sa Kalamba ay ipinagpauna ko na ng naririyang pa ako, kaya iniilagan ko sana ang makialam sa panukalang iyon, ano ang nasapit? Napahamak ang marami nang walang kapararakan. Iyan din sana ang nangyari sa provincia ng Bulakan kung ako'y hindi sumalansang sa udyok ng ilang taga-Guiguinto. Sa palakad ng mga taga-Malolos ay nagngitngit din ang puti; datapwa't walang napahamak."

Si Del Pilar ay tumanggap na nga ng abuloy ng kamag-anakan niya, kaya nga't gumagayak nang manauli sa kanyang bayan; ngunit ang pangambang sa pagbibigla niya'y maging sanhi ng pagkapalungi ng marami, ay nag-udyok sa kanyang talikdan ang balak. Si A. Regidor ang siyang, bukod pa sa mga binanggit na't palibhasa'y pinakamatanda't may pinagkatandaan naman, ay naghahatol na huwag niyang ituloy ang gayon, dili gawin ang pagkakamali ni Rizal. Si Del Pilar ay nagtanggol kay Rizal laban sa mga punang itong idinaos ni G. Regidor nang buong pagtatapat: (21 Diciembre 1893)

"Datapwa ako'y nanganganib mabigla at sa tayó ko ngayon, ay isang pagkakamali ko'y marami ang mapapahamak kaipala'y hindi sa buhay na ito lamang ako sisihin ng mga kababayan. Isang pagkakamali ni Rizal, ay tingnan mo't anong dami ng napanganyaya.

Dahil dito'y nasabi nga sa akin ni Antonio Regidor: isang pagkakamali ko, aniya, ay tinatangisan ko magpahanggan gayon, at nagkaputi-puti na aniya ang aking buhok ay hindi mapatid-patid aking luha. Oh!—aniya—kundi lamang ang kamalian ko'y timawa na ngayon ang ating bayan—At tumutulo ang luha

nang ito’y sabihin sa akin.—Si Rizal, aniya’y nagkamali ngunit nasa sa panahon pang mapanuto: ang totoo lamang aniyang ikinalulumbay ko’y tila hindi niya nakikilala ang kanyang kamalian.

—Ano po naman, ang sagot ko, ang gagawin ni Rizal ay napipiit sa Dapitan?

—At ako ba — aniya’y — hindi napipiit sa Marianas niyong mga dako roong panahon?

Natigilan kami kapwa, at nang makaraang ilang sandali, ay nagbuntonghininga’t ang wika sa akin: ikaw naman sana’y huwag nang magkamali.”

Ang mga kapaslangan sa Calambâ ay nakapagpasilakbo ng galit kay Del Pilar at sa lahat na nananahang Filipino sa Madrid, na nangagdaos ng isang malaking pulong sa Dulaang Martin na pinanguluhan ni Morayta. Si Del Pilar ay nagtalumpati: (3 Febrero 1892).

“Punong-punô ang teatro noon, at mga mahal na tao ang nakinig. Ilinathala namin doon ang nangyari sa Kalamba.”

Bagaman ipinatitiwalag si Rizal, ay si Del Pilar ang lumakad na siya’y timawain, at si Rizal ang humalili naman sa kanya sa Madrid. Si Deodato Arellanong kanyang bayaw ay siyang nangunguna sa La Propaganda at umaasang mapahihinuhod ang Pulong: (12 Abril 1894).

“Gayon man ay bahala na. Ang kailangan lamang ay maiwan ko sana ito na huwag makasira sa marami. Dahan-dahan kong ginagapang na makatighaw si Rizal at nang siyang makahalili sa akin, kung loloobin ng mga tagariyan.”

Naniig kami nang bahagya sa mga liham ni Del Pilar, palibhasa'y yaon ang lalong mabuting mapananalamina't maglalarawan ng kanyang pag-uugali sa lihim, sa hayag, at sa iba pang pagtutunggalian sa buhay.

Sayang at ang mga sulatan niya't ni Deodato Arellano'y nangasira ang karamiha't ang iba nama'y nasamsam sa pamamahala ni Andres Bonifacio niyaong matutop ang ingatan ng mga sulat nito, pagkat maging yaong dito sa huli, maging yaong sa kay Deodato Arellano, ay para-parang siyang nagtayo ng Katipunan. Sa mga liham sa mga kawani ng *La Propaganda't Masoneria Filipina'y* tunay na lubhang mahahalaga, ay mapalad na kung may natitirang dalawa, dili kaya'y apat na sulat; isa nga dito'y yaong inilakip ni Heneral Blanco sa bantog niyang Memoria na pinagpasiyahang si Del Pilar ay nakalalamang maging kay Rizal ma't kinikilala pang Kaluluwa ng paghiwalay sa pamamahalang Kastila, pasiyang sinusunod ng maraming manunulat na lalong mahinaho't mataimtim.

Datapwa't ang lubhang kahina-hinayang ay ang pagkapugnaw ng mga tala nitong ibinubuhay, niyaong masunog ang bahay niya sa Bulacan, na wastong dinamdang ni Marcelo, sapagkat nangatupok ang madlang isinulat at itinala na halos pawang tula, ng kanyang amang tanging mananagalog at manunulang taga-Bulacang kabagay na kasama't kaagaw ng kumatha ng *Florante*, gayon din ang mga sariling isinulat ni Del Pilar na halos pawang ukol sa mga kaugalian at nakasasaklaw sa lahat buhat sa mga duplo hanggang sa mga maikling kathang nakatatawa, mga tulang patama't awiting-bayang lipos kailan man ng katotohana't pagkaganap; bagay ng pananalita't panunulat na hindi lamang sa Katagalugan kung di sa Kabisayaa't iba mang wikain sa lupaing ito, ang siya kailanman na maituturing nating *literaturang* lantay na bunga't katutubo, at tunay na makabayang salaysay ng sambayanan.

Ang lahat nang ito'y sasaksihin sa gawing huli sa pagsisiyasat-puna ng mga ginawa nitong ibinubuhay. Susog dito'y ipinagpapauna namin ang *Bibliografia Plaridelina* [21] na matamang isinulat ni G. Mariano Ponceng

tapat na namuli kay Rizal at Del Pilar at saksi ng kanilang mga hirap hanggang sa kaliit-liitang kisol ng pag-iisip ng dalawang magiting na lalaking ito na bawat isa'y *kakang-gata* ng literaturang kinagisnan at kinatitipunan ng mga layunin ng bayang Filipino. Tangi sa yaon, ay siyang pinakamabuting lagda ng mga isinulat at inihayag ni Del Pilar, kaya't kinailangang ipalaman sa salaysay na ito't hindi maging pangwakas na kapupunang gaya ng sinasabi namin sa unahan, upang din magaanang ipalagay ang tunay na pansin namin hinggil sa lahat ng ginawa ng bantog na politikong mamamahayag.

Plaridel, 13 Julio 1907

GAYON SA daglian ang pagkakatala ng mga sulat ni Marcelo H. del Pilar na nagpapatotoo ng isang kasipagan, isang katiyagaan, isang karunungan sukat masunduan lamang sa mga isinulat ng Dakilang Tagalog na si Dr. Jose Rizal. Hindi napakilahok sa talaan ang mga nawala't nasira ng apoy; pagkat ang mga ito'y wala nang pag-asang matuklasan pa, na hindi бага gaya ng kay Rizal na hindi lamang ipinalimbag ang karamihan, kung di pati ng di naihayag ay ginawan ng mabuting akalang kunan ng salin o maraming salin, at ipadala sa masisikap niyang kaibigan na siyang nagluwal sa pagkalimot. Si Del Pilar, kung sumusulat, ay halos biglaan, at tangi ang madalang-dalang na namumukod ay mabuti na kung maiwanan ng mga tala ng kanyang isinulat; hindi nagkikinis nang buong katiyagaan ng isang artista, kakaibang lubha ni Rizal na uma-alinsunod sa mga alituntunin ni Horacio sa bagay na ito. [22]

Sana'y itinala naming isa-isa nang buong pagkakaibig ang maraming sulat sa wikang Kastila hingil sa politika, na ipinadala sa Junta de Propaganda, sa bayaw niyang si Deodato Arellano, kay Andres Bonifacio, kay Mabini't sa kanyang mga kamag-anak: datapwa, matangi ang dalawa o tatlo, ay bahagya nang may nalabing bakas ng mga sulat na yaon, at

mamamantungan na lamang tayo sa mga salaysay ng mga natitirang buháy. Sa mga nailigtas, na lubha ngang mahahalaga, ay ang sa ika-3 ng Noviembre ng 1894, [23] na ipinadala kay Jose Reyes Tolentino't mga kasamahan sa “logiang” MODESTIA na lubhang pinakababanggit-banggit ng maraming autor, upang huliin na si Del Pilar ang siyang may lalang ng Katipunan at umano'y ang mga mason at ka-Katipuna'y mistulang iisang bagay, at sa lahat ay si Heneral Blanco na nagsalin ng kalakhan ng sulat na yaon sa kanyang *Memoria* upang bigyang matuwid ang pamamalakad niyang pang-aakit at ipahayag *per frivios et plateas* (sa lahat ng dako) na si Marcelo H. del Pilar ay “*siyang lalong matalino, siyang tunay na kaluluwa ng mga nagsisihiwalay, higit ng di sa pala kay Rizal.*” [24]

Pagkat lubhang makabuluhan, at pagkat sa kanya'y matatarok ang mga iba, ang kanyang mga isipin at katutubong-loob ay buong-buo naming sasalinin.

Madrid, Noviembre ika-3 ng [18]94. G. Jose Reyes Tolentino [di mabasa] kasamahan La Modestia, Manila.]

Pinakamamahal kong mga kaibigan:

[Nasasaad ang sulat ninyo ng ika-8 ng Agostong natapos, na tinanggap noong ika-9 ng Oktubreng kararaan lamang, kalakip ang salin ng sulat ni G. Salazar at pangalawang “letra de cambio” blg. [di-mabasa] a n/o, na ang mga ito, sa pagbalik ng correo, ay binigyan ko ng kaukulang sulat pagtanggap na may pangakong dadagdagan ang aking sagot.

Sa pagtupad ng kapangakuang yaon ay mumulan ko sa pagbatà ng aking pagkilala sa lubusang tangkilik na inyong iniaabuloy sa pamamalakad na itong ang pagkakataon ay inilagay akong mangulo.

“Kailan man'y hindi ko pinakadamdam ang kakulangan ko ng kailanganin sa bagay na ito, gaya ngayon na ang mga nangyayari'y nagpapakilala ng kalagahan nitong malaki't

napakadangal na gagawin. Ang mga tagumpay na aming tinamo sa palagay ng madla't sa pook ng pamahalaan; ang pag-iibang natupad sa ating mga kaugalian diyan, yaon bagang pagbubukas-daan ng hilig na hindi lamang isiping mahinahon, kung di totoo't nangyayari, patungo sa bahay at namamanahong pagbubuo ng lahat; ang pagbabago, kung di man lahatan, ay unti-unti't pasulóng ng maraming ligaw na palagay laban sa atin na dini'y isinasakdal sa himok ng fraile; ang mga ito't iba pang kapakinabangan na di ko matutumpakang isa-isahin, ngunit walang malay na lumalantad sapol ng sa pook ng politika'y simulan namin ang paghuma't paghaharap ng di mapag-aagam-agamang palatandaan ng paghahangad sa isang lalong mabuting pamamalakad, ay waring nagpapalakas loob sa ating lahat na mga Filipino upang pagpatuluyan ang landas na tinunton, waring nagsasabi sa atin na nariyan ang kamay ni Bathalang namatnugot sa pag-uusig ng ating katubusan, waring isang gantimpala sa isang matibay at maalab na pananampalataya.

Datapwa't sa kasawiang-palad, kung tayahin ang niloob ninyong ipaalam sa akin doon sa sulat ng ika-23 ng Julio, ay samantalang naduduyo ang pag-uusig na ito, sa kabila ng maragdagan ang ating mga kawal, ay nangyayari pa ang *pagkakatiwa-tiwalag* ng kakaunting nakatatag. Ang pagbawing loob ng ilan, ang papagwawalang-bahala ng iba, “mayayaman ang karamihan” ay siyang lumálaláng niyang malawak na puwang sa piling ng ating layon.

Katuwiran niyang pagwawalang bahala'y masusunod ninyo sa mga dahilang dinaliri ng sulat, at dito'y ang pangambang nilikha ng asal ni Panday. Ngunit huwag namang isiping pakikipagtalo baga sa matalino ninyong pasubali, itulot sa aking masabi na, sa kinakikitaan ninyo ng matuwid, ay wala akong natutunghayan kung di dahilan ng sakit lamang. Sa pagkat maging may matuwid, maging wala ang pangamba, kailan ma'y kasakit-sakit na mamasdang malaki hanggang sa masaklaw ang

mga taong hindi nauukol; at, sa huling kalalabasan, ang napipinsalaan ng pangamba't ng kaabay na pambawing-loob ng mga pangambahin, ay ang atin ding layon; ang pinalalakas, ay ang mga nagpapahirap sa atin.

Kung sa kabila ng malaking kapangyarihan ng ating mga kaaway ay nakita nating lahat ang kawalang-lakas ng kanilang pagpupumilit; kung ang pinakamabuti nilang sandata, ang bilangguan at pagpapatapon, ay ginamit na walang pakinabang na hindi nagtamong mapanghina ang di masupil na pagsulong ng ating pag-uusig, hindi бага kasakit-sakit sa wari ninyo, hindi бага makapagpapadaloy ng luhang dugo ang pangyayaring ipagkautang natin ang ating pagkalupig doon sa sana'y nararapat na maglayo ng gayong pagkatalo?

Oh! Sana'y tinaglay ko ang lakas ng angkin ng mga mahahalagang kasangkap na nakaibig pang magwalang-bahala sanhi sa dahilang iginagalang kong talaga, at saka ko mapatotohanan na ang mga bayó sa batok ay hindi makapagpapatungó sa aking noo.

Datapwa't yamang kailangang tanggapin ang mga bagay kung paanong dumadating at kung paanong matatanggap, inaakala ko na ang lalong pinakapangulo'y ang magkaroon ng panalig, malaking panalig sa layon ng ating katubusan. Ang panalig ay nakahahahawi ng hadlang na sa pamamagitan ng kabunduka't karagatan ay lumalang ng pagkakahiwalay ng mga baya't sangkalahian sa sansinukob; bakit hindi rin makapapawi sa mga gumitaw lamang buhat sa pagkakaiba ng akala o ng tanging palagay niyaong mga kababayan, na hindi dahil dito'y hindi na makakatali natin sanhi sa malasakitin ng iisang inang bayan at sa bangis ng iisang pagkasawi?

“Kung sila, sa pagtiwalag sa ati'y mapakisama man lamang sa bilang ng mga natatangi sa ating bayan; kung yaon man lamang sana'y maaari silang lumuwal sa kasiraang puri't pagkaalipustang kinabubuhayan ng ating bayang pinaglilingkuran nang masama ang mga taong sarili't ginagahis ng mga panuluyan, marahil pa'y

mauukol nang pamitiwinan natin ang pag-asang mabago ang tikang pagbawing-loob at pagwawalang-bahala.

“Datapwa, maging papaano man ang kanilang pag-aakala, yamang ang mangyayari’y laganap sa lahat ang samang sumusugat nang pautas sa kalayaa’t sa puri ng ating bayan, ay marapat ang ipalagay ang loob na maging sila, maging tayo’y hindi maghihintay ng kagamutan ng sakit na iyan sa kasangkap na dayuhan, sa halimbawa, sa insik Palanca.

“Sa ano’t hihintin ang ating katubusan sa insik Palanca, gayong may labis tayong hiya’t dangal upang tayo-tayo rin ang magdaos ng gayon, kailan pa ma’t magtataglay tayo ng gayak na kalooban? Gayon ang iniisip natin, gayon din naman ang nararapat na isipin nila, palibhasa’y ang pagparatángan sila ng ibang pag-aakala’y katumbas ng pagkasalanan. Sila’y muling mag-aabuloy sa atin ng kanilang mahalagang pakitulong, pagkat taong may matuwid at may kahihyan, ay di makapagsisinsay ng kanilang budhi sa kahilingan ng puri’t dangal ng bayang tinubuan.

“Samantala, ang kinakailanga’y ang pag-ibayuhin ang ating pagpupumilit upang pagtakpan ang puwang sa ating mga hanay: tayo’y kakaunti ngayon; kahit na tayo’y pumusag [di mabasa] ga “la feroc romano” (ga-dahas romano), ay pagtakpan din natin ang pagkawala ng mga kasangkap na kasing halaga ng mga lumisan sa atin, pagkat ang puwang ng iniwan, hindi lamang nakapagpabawas ng lakas sa atin, ay tumatayo pang isang kahihyan sa atin at isa pa ring kahihyan sa lahat. Sila’y manunumbalik at pauukol nating antabayanan.

“Ngunit hintin nating kapanabay ng paglakad at huwag tayong mag-urong-sulong sa pagpapatuloy na lumakad. Baga man ang landas ay nagdulot sa atin ng mga tinik at dawag, yamang may

karapatan sa ganitong ligalig ang malaking kasalatang-ginhawa ng ating bayan.

“Minamarapat ninyong pukawin ako upang sa ganang aki’y magluwal ako agad ng isang paraan ng pagtatatag upang panibagong buuin ang nalagasang kapisanan natin, kaloob na ginagawa ninyo sa akin at pinasasalamatan ko sa inyo, o pangarap ng inyong mabuting hangad na paparámin ng kakapusan ko.

“Datapwa’t inaakala ko na ang diya’y lumalabis ay ang mabuting pagtatatag. Mabuti yaong angkin natin sa ilalim ng pamumunong Montilla, mabuti’t paham ang inilantad ng pamumunong Felipe Leal: at hindi nalalamangan sa pagkapaham ang ibinabalita ninyo sa akin nang huli sa sulat na sinasagot ko, sa ilalim ng pamamatnugot ng pamumunong kasalukuyan.

“Ang kulang diyan, sa ganang palagay ko, at dito’y patatawarin ninyo ako kung ako’y magkakamali, palibhasa’y tunay na alam ni Bathala kung gaano ko nais na magkamali sa aking sasabihin sa inyo: ang kulang, inuulit ko ay hindi mga paraang pamamatnugot, kung di pagkasanay na *mapatnugutan*, alalaong baga’y pagkasanay sa pamumuhay-sama-sama, sa pagtalima ng mga tuparin tunkol sa mga kapangyarihang kumakatawan ng ating kalooban, sa kabutihang loob ng isa’t isa tungkol sa ating mga kapanalig, na walang inilingid sa isip na makasusugat sa pagmamahalan ng isa’t isa na dapat mabuhay sa lahat. “*Mag-isip ka ng masama, at ikaw ay tatama*”, anang isang salawikaing Kastila; ang tuntuning ito ng pag-aangatang loob ay mabuting tupdin tungkol sa mga kaaway o sa mga taong hindi natin katali ng ano mang pagmamahal; datapuwa’t sa mga kaibigan, kapanalig at kapatid, ay isang tuntuning panlansag, pumapatay sa pagmamahala’t paggagalaman ng isa’t isa; at saan mang wala ng mga ganitong bagay, ay wala namang pagtatatag na mangyayari,

hindi mailagan ang pagkakawatak-watak ng mga lakas.

“Nagkamali kaya ako?

“Ipagpatawad ninyo, kung gayon, ang kamalian ko. Wala akong ginagawa kung di ilantad nang hayag ang aking paniniwala na taang baguhin kung lumabas na ligáw.

“Datapwa maging tumpak maging mali ang paniwalang ito, ay hindi magiging kalalabisang ipako ang magmasid sa kailangang pinangahasang kong ipahiwatig. Kung hindi pakikinabangang upang gamutin ang isang samang kasalukuyan ay magagamit upang agapan ang gayong darating sa ating pag-uusig. Ang salang dinaliri ko’y karaniwang taglayin ng mga nagsisimulang kapisanan; at ulirang kasakit-sakit nito na ating namamalas sa mga bayaning anak ng Cuba, na sanhi sa di tila paggagap na apulain yaon, ay nag-aksaya ng dugo’t salapi.

“Sa kahihinalaa’t paghihiwa-hiwalay, sa kasisiraan ng isa’t isa’t di-pagbibigayan, ang gayong kagitingang iniubos-gugol ng mga Cubano’y nawalang bisa: sila’y natutong makipaglaba’t mamatay, ngunit hindi natutong magwagi gayong sa kanila’y disin naging magaan ang tagumpay danga’t humarap sa labanan na hati-hati’t hanggang sa sila-sila’y magkakalaban.

“Oh! Madalâ na tayo sa pagkaumpog ng ulo ng iba; na bawat isa’y matutong dumaig sa sarili rin, alang-alang sa pagkakasundo; sapagkat ang hindi maalam magwagi sa sarili’y hindi makapagwawagi sa kaaway. Madalâ tayo, alang-alang sa Diyos; pagkat ibigin nati’t dili sa ganitong punyaging mapagpakumbaba’t mahinhin, ating ipinagpapasumala ang sa ganang atin ay may halagang kauna-unahan sa lahat ng bagay at ito: ang kaginhawahan ng ating bayan.

“Na hindi? Loobin nawa ng Dios na hindi nga!”

“Masamin ang maruming kaasalan, ito’y mabuti’t wasto ano ang ipag-aagam-agam! Datapwa’t inaakala ko na ang karumhang pag-aasal ay hindi dapat hinalain kailanman; hindi dapat kuning panuntungan ng isang pagpapatotoo ng maruming asal, ang mistulang hagap lamang, ang mistulang sapantaha lamang, ang mga sabi-sabi’t mga pag-uupasala. Kinakailangang magkamit katunayan, at bukod sa kamtan, ang gayo’y kilanlin, kahit na liwanagan man lamang upang ang sino ma’y masalig sa katwiran ng pagbibigay-halaga.

“Bukod dito, sa wari ko’y ang sino mang humahatol sa masamang kaasalan ay hindi siyang dapat tumiwalag sa kapisanan sagisag na pagbawing-loob: ang pagbawing-loob ay hindi málabas na kahatulan sa gumawi ng kasamaang pag-aasal; ang gayo’y paghatol sa kapisanan din, samakatwid, sa tunay na napinsalaan ng kagagawang masamang asal. Ang ganito baga’y wasto? Ito ba’y tapat? Marapat kaya sa isang taong may dunong at may tapang ang humatol sa tinampalasa’t magpawalang-sala sa nanampalasan?”

“Salig sa mga kuro-kurong ganito’y inilagda ko’t ipinadala diyan ang isang balak, hindi sa pagtatatag kung di sa pagdadala dili kaya’t pag-aayos ng mga kasulatan na magtanyag ng kalinisan ng ating pamamanihala, at mailagang lumago ang mga bulung-bulungang walang matuwid. Ngunit waring ang bagong pagkakatatag ay hindi na nangangailangan ng ganyang paraan upang panagutan ang ganyang kawalan ng butas, bagay na ikinagagalak ko.

“Lubhang naligalig ko ang inyong pakibatyang, kaya’t lulutasin ko sa aking pag-uulit ng aking pasasalamat sa inyong kabutihang loob, at sa pagnanais na kamtam ninyong mailandas ang

kagalingan ng sangkatauhan sa ganang kalahatan, at ng ating bayan sa ganang atin naman, sa daan ng pagkakapatid na siyang katas ngayon ng ating sangkapisanang pamumuhay.

“Samantala’y tanggapin ninyong lahat ang katibayan ng may pagmamahal kong pagpapalagay na kalakip ng isang yakap-kapatid ay ipinahahatid sa inyo ng iyong l. n. h. n. i. k]

IV

AMA NG KATIPUNAN O TAGAPAGPAYO LAMANG?

Na siya ang ama ng Katipunan, ay bagay na hindi pa napalilitawan ng katotohanan; bagaman, luwal sa agam-agam na siya'y nagbigay-daan sa pagtatatag niyaon, at ang mga pamalakad niya, sa paraang di tiyakan, ay walang salang hahangga sa isang dahasang kapakanan, bagay na di niya loob at pinag-ukulan ng kanyang mga punyagi upang mailagan, ngunit kung darating na ibubuyóng patunggak ng maykapangyarihan, ay tinatanggap na isang masamang kinakailangan.

Si Del Pilar ay ayaw umasa sa kangino man ng pagkatubos ng kanyang bayan [Bakit hihintin ang katubusan natin sa ... gayong libis at labis ang ating hiya't dangal upang tayo-tayo ang magdaos niyaon, kailan pa ma't magkakaroon tayo ng gayak na kalooban?]-anang sulat niya—at kahit nais niya makakuhang kapakinabangan sa kasangkap-pamahalaan sa Madrid at mabago ang mga pasiyang ligaw na isinakdal sa himok ng mga fraile, ang matingkad niyang hilig ay ang makagawa, gaano mang halaga, ng pasiyang madla sa kanyang bayan, mapalakas at maturuang gumanap nang mahigpit ng kanyang tuparin (buháy at namamanahong kabuuan ng marami), at maigayak sa mga kadating-dating na pangyayari sa politika. Hindi niya hangad ang pagbabaka, datapwa't kung talagang wala na ngang sukat pang maasahan sa bayang nakasasakop at tunay na mapapawi pa ang mga sakuna't kaligaligan ng parang at ang pamumuhay na mag-aakay sa matahimik datapwa't di madalumat na buhay sa kapayapaan, kung gayo'y “sa tinubuang bayan... sulit ang mamatay” aniya ngang tinatagalog ang ilang tula ng *Noli* ni Rizal.

Nang iilan nang panahon bago dumating ang sigaw sa Pasong Tamo't Balintawak ay sumulat sa kanyang piling na ibinabalita ang kanyang

pag-uwi sa kanyang bayan, pagkat “ang mga pag-usap at pagsasakit na mapayapa sa daan ng katuwiran ay nawalan ng kapakinabangan, at tungkol niya ang makipaglaban gaya ng isang kawal, dahil sa layon ng kanyang tinubuan lupa.”

Ang sumusunod na pahayag ni G. Ponce’y lubhang malamán: “Hindi umasa sa mga tagaibang lupain (si Del Pilar), ang mga karapatan, ang mga kalayaan, ang kaginhawahan ay tinatamo ng sariling masakit hindi ipinagmamakaawa sa kangino man. Gayon man, sa mga tanging kalagayang kinatatayuan natin ng mga panahong yaon, ay dapat hingin sa sangkalahiang makapangyayarihan ang lahat nang kinakailangan ng bayan at nauukol sa kanya dahil sa karapatan, kahit na walang pag-asang tamuhin; dapat itampak sa hayag ang mga masamang kapamihasan, kahit napagtatalastas na hindi pagbabayaran; dapat humingi ng katuwiran, kahit na hindi kakamtan. Sa gayo’y nalantad ang pagkakait, naipamalas sa bayan ang mangyayaring hintin sa nakasasakop; at ang bayan, sa pagkaalam ng kanyang ukol gawin, ay makahahapan sa ibang panig at ibang paraan ng kaginhawahang itinatangi ng bayang sinusugan.” [25]

Si Andres Bonifacio, na namimintuho kay Del Pilar, at nagsasalin nang buong giliw ng mga sulat nitong ipinadadala kay Deodato Arellano, na iniingatang wangis sa isang mahalagang naiwan (*reliquia*) nang itatag ang Katipunan ay nasabi: “na wala nang lunas”; at ang “diplomacia” ng mga may gawa ng *La Solidaridad* ay hindi nagkakamit ng kapakanang may pakinabang”. [26] Si Emilio Jacinto, kaluluwang-Rizal, kalihim ni A. Bonifacio, at ulo [27], ani nito, ng Katipunan, nang ilathala ang dadaladawang bilang ng pahayagang katipunang *Ang Kalayaan*, ay itinala sa balat nito, na waring tagapatnugot ng pahayaga’t pinakakalasag, ang pangalan ni Marcelo H. del Pilar.

Si Del Pilar din, na sumagot sa “Hibik ng Filipinas sa Inang España” / 1888, ni Herminigildo Flores, manunulang taga-Bulacan, sa

pamamagitan [**hindi mabasa**] niyang aklat na “Sagot nang España sa Hibik nang Filipinas” (Barcelona: 1889), ang siyang naglagay sa bibig ng Españang inang bayan at bilang kasagutan sa may katuwirang hinaing ng anak niyang “pinakatanging” “minahal” na Filipinas, ang mga sumusunod na pangungusap: “Na wala nang mahihintay sa kanya; na siya’y ulianin, putós ng dalamhati’t salat sa lakas”.

*nguni paanhin mo, ngayo’y matanda na
hapo na sa hirap ako’t walang kaya.*

“Dapat kang umayon kung ang mga anak mo’y ayaw magbalikwas sa pagkagupiling”.

“Kayong nagpapabaya sa inyong tinubuang lupa – sumpa ng Diyos – ay tungkol ko ring kayo’y pabayaan.”

*Cayong nagpabaya sa sariling bayan,
anya’y dapat lamang Aking pabayaan.*

Ipunó sa lahat nang ito na ang mga naging bunying maghihimagsik na A. Bonifacio, E. Jacinto, Mabini, M.H. del Pilar, Deo. Arellano, katulong itong huli ng mahalaga, maging sa Junta de Propaganda, maging sa Katipunan, ay hindi lamang gumagalang kay Del Pilar, kung di pa nakikipagsulatang walang humpay sa kanya, huminging hatol at payo.

Sa lahat na ito’y may matuwid tayong makahuhulo na kung si M. H. del Pilar, ay hindi siyang may gawa ng Katipunan, siyang nakapagpayo man lamang.

V

PANAHOON NG PROPAGANDA

Plaridel, 17 at 20 Julio 1907

UPANG DIN makadampulay sa nangyayari sa kanyang bayan, ay lumipat sa Barcelona niyaong Febrero ng 1896 upang lumulan sa sasakyan, tungo sa Hong-kong at dumalo, ani G. Ponce, sa pulong na sa sakupang yaon ng Ingles ay idadaos ng mga bumubo ng Junta de Propaganda na siyang nagbibigay ng landasin sa pag-uusig sa Madrid at siya ring pinakakatawan ng bayan; anyo ang gayon na ipinahiwatig at tinanggap marahil sa pagbibigay-loob lamang sa kanyang piling at mga kaibigang nagpayo'y namanhik sa kanya na urungan ang pagtungo sa Filipinas at lumagay sa Hong-kong, dili kaya'y sa Japon at dito'y walang panganib at lalong mapakinabang sa bayan na maiaagapay ang pagkaalam niya't mapapatnugot sa mga nangyayari.

Bagama'y nasubli siya ng kamatayan doon sa Barcelona niyaong ika-4 ng Julio ng 1896, sa 48 taong gulang, [28] at ang bangkay niya'y nalagak sa libingan sa gawing kalunuran ng mapag-ampon sa iba't mahilig sa paghahanap-buhay na pangulong-bayan sa Cataluña. [29] Napakapagal nang lubha ang katawang-bakal na yaon sa di gagaanong tiisin, sukal ng loob at damdamin na ang sakit ay nakapagpasasa nang ng buong poot kung kaya't madaling-madali na ang kamatayan, taglay ang maitim niyang pakpak, sa pagsambot ng kahuli-hulihang paghinga ng lalaking lalong bunyi't karapat-dapat ng tinubuang lupa, ay nagpikit magpakailan man niyaong mga mata't niyaong balintataw na marahil ay pinakamapanarok at matalino sa lahing Tagalog.

Ang sino man sa aming nakakikilala kay Plaridel, ang sabi ng isa sa mga humahanga sa kanya, kailanma'y hindi nakapaghinala na ang katawang yaon na waring binubông patalim, ay kulang palad na bumugtang

maaga sa gitna ng kasariwaan ng buhay. Hindi nagamit laban sa sukab na katampalasanan ni Parca (kamatayan) yaong katawang malakas at parisukat, yaong kuluong ng walang pagkagaping “higante”, yaong napakamay-kayang utak na nakukulong sa isang bungong parisukat din, yaong pantinging matiim at mapagsiyasat na punô ng isang di mapaglabanang lakas na nakapagpapahinuhod at nakasisilaw. Ang lahat ay walang pinakinabangan. Di napupuna, di nararamdaman, lihim na lihim na ang maliliit na butas ng isang masamang bukol ay namugad sa katawang bakal na yaon; at nang ang maysakit, ang mga kaibigan at ang karununga’y magkaloob na gumayak sa pakikipaglaban sa may masamang hangad na salakay ng walang awang bukol ay lubhang huli na upang iligtas at agawin sa talim ng kalawit ang buhay ng bayani. [30]

Sinabi naman na siya’y ayaw ng panghihimagsik, naghangad na ito’y ilagan at, kahambing nina Dr. Sanciango’t Dr. Rizal, marubdob na kakampi ng pakikitulad (asimilista); nabubusog na ng pagbabago sa pamamahala sa Filipinas. Kalakihang hinihingi ang kalayaan ng pagpapalimbag at ang pagkakaroon ng kinatawan ng Sangkapuluan at ito’y bilang pag-uuli ng isang karapatang dating kinamtan.[31]

Kanyang mga aral: ang pagsasarili dili kaya’y ang pagwalay sa España ng Filipinas ay siyang magiging pagpapatiwakal ng lahing Filipino; ang pagkakatatayo sa sangsinukob ng kanyang bayan at ang pagkamapang-agaw ng mga malakas na bayang kadatig ay magsasadlak na walang pagsala sa gayong pagpapatiwakal ng lahi; [32] guniguni ang pangangailangan ng isang pagkakasakayan ng nasasakop at ng nakasasakop, at katugon nito ang pagkakawangis na lalong ganap ng España’t Filipinas [33]; ang Españang kasama ng Filipinas ay walang pagkalupig, kung hindi’y tutungo sa pagkaguho. [34] Datapwa, yamang dahil lamang sa sariling kapakinabanga’t wala na kung di nga sa sariling kapakinabangan, ang ka-fraileha’y tumayong makapangyarihang makikialalam sa kapanganyayaan ng mga malasakitin niyaong dalawang pagkakasundo [35] kung kaya’t nangailangan niyaon na iuli siya (ang

kafrailchan) sa kauna-unahan niyang kalagayan, at palitan ng mga klerigong Kastila. [36]

Sa kasawiang-palad ang España'y naniniwala pa niyaon sa lakas at kapangyarihan ng fraile sa mga Filipino, inaasahan niyang di magagaping kuta ng kanyang kapangyarihan sa Sangkapuluan, pagkat siyang tanging nakakikilala ng baya't ng indio, ang tanging may lakas dahil sa kanyang uri, kaparaanan at kalagayan sa bayan na makasugpo ng lahat ng banta na may tungong paghiwalay, sa pamamagitan ng isang matalas na pagmamata, sa halimbawa, ang pinanguluhan ni Padre Burgos, ang paglililo ni Dr. Rizal atbp, kaya't nangangailangang harapin nang buong tigas ng loob ang ganitong walang katibayang patotoo ng mga fraile, at durugin sa pamamagitan ng palakol ng mahinahong pagmamatuwid, at ng pagkakadkad ng mga nangyari kung paanong tunay na naganap. Palibhasa'y matalas siya't walang katulad na makipagtalo, ang mga fraile'y kanyang isinakdal na sila ang may pagkabatid na mananalimuwang ng katotohanan ang manlalaláng ng mga sang-usapang laban sa pamunuan, ang mga may kagagawan ng pagkamatay ni P. Burgos, [37] ng pagpapatapon kay Rizal, hinubdan sa ganito ang masama't alanganin nilang tayô sa harap ng sangkalahiang Kastila't sangbayanang Filipino, mga muwang sa kasaysayang búhay at tanging pag-uugali ng sambayanang Filipino. [38]

Matuwid na itala, sa kapurihan ng isinasalaysay ang búhay, na pati ng kanyang mga kaaway, maging ang silakbo ng paglalaban, maging ang mga kamot ng pag-aaway, maging ang kainitan nilang tungangaang pinag-alimpuyo, ay hindi nakapag-udyok sa kanila na maglagdâ ng sakdal na si Del Pilar ay kataló ng Kastila. Dapat na matalâ ang tungkol dito't sa pag-uusig na pinangatawanan ni Plaridel ay ipinaunawa ng kulang palad na máglilíníng at bibliofilong C. J. Zulueta:

“Ayon sa sabi ng isa sa lalong mabagsik na mag-uupasala sa kanya, na bumangga ng di gagaano sa mga isiping inilaman sa *La Solidaridad*, si Marcelo H. del Pilar ay walang angking poot

sa lahat na may kulay-Kastila sa bayang ito; datapwa, oo, sa pagkakaayos ng mga bagay na dito’y naghahari.”

“Yaong di masupil na pag-uusig, kung bagá man halos walang tinatamo sa mga may kapangyarihan ng pamahalaan ng bayang nakasasakop, sa kabila nito’y nakapagturo ng malaki sa bayan. Nagbigay-matuwid pa sa huling inanyo ng mga Filipino na iubos nang lahat ang mga mapayapang kaparaanan, ang tutol ng sandata ang siyang ginigiit.”

“Si Del Pilar, na ang matalas niyang katalinuha’y namamanaag sa maliwanag na katotohanang nagniningning sa lahat niyang isinusulat, ay nakakikini-kinita ng mga pangyayaring naganap dito sa pinipintuho niyang tinubuang bayan nang makaraan ang isang buwa’t kalahati ng kanyang pagkamatay; nagsumakit ng di sukat masabi upang ilagan ang gayon na humihingi sa pamahalaang Kastila ng ilang kalayaan ukol sa Filipinas; ngunit ang España, na hindi na pumansin sa mga may matuwid at mapayapang kahingian ng mga Filipino, ay nakipag-isa pa sa mga nagpapahirap at umaalipusta sa atin. Sana’y hindi nagtaingang-tapayan ang España sa mga kahingiang yaon at walang alinlangan disin na hindi naganap ang marugong pangyayari nitong huling dalawang taon. Datapwa’t nanaig sa kanya ang masama niyang pagkakilala sa kanyang dangal-sangkalahian, dahila’t simula ng kasakit-sakit niyaong kasalukuyang kalagayan. Ayaw magkautang na loob sa mga Filipino; inibig pa niyang mahubdan ng gahisa’t kahiya-hiya sa malaki niyang kapangyarihang pamanakop sa Dulong Silangan. Siya lamang ang may kasalanan!

Plaridel, 7 Agosto 1907

MAHALAGANG tuhugan ng sumbat ang nauukolsa pinag-arala't pag-uugali ng Filipino na anila'y taong di mawari, walang alis sa pagkabata, taksil sa kanyang Dios at sa kanyang hari kung mawalay sa kalabat at sa panghagupit ng mangangalakal ng *negro* at kung matuto ng Kastila't masok sa mga paaralan ng Universidad ng Maynila, atb., [39] punyagui ito sa paninirang puri't pagpaparatang na inalalayan ng tulong ng mga patay-gutom na manunulat at mga matataas na tao, [40] bagay na hindi nakababalantugui, kung sa kali't sa mga mamumulang ito'y mabagay ang kabaligtaran niyaon na kisap-matang limutin ang lahat nang kabulaanang iyan upang magbago ng palagay at ipagtalakan sa pamamaguitan ng maugong na pangungusap ang kataas-taasang kabihasnang tinamo ng Filipino alang alang sa wastong pagpapaaral at bisa ng pagtuturo ng fraileng *sinisiraang puri*.

Gayon man, ang fraile na sa unang panaho'y nagwawatawat ng saguisag na cruz na nangunguna sa sandata, lipos ng pananampalatayang hindi nangangamba sa aling mang hirap, at siyang taga-tangkilik ng *indio* laban sa kahayupan ng *encomendero* at sa kasakiman ng *Alcalde Mayor*, sa ngayon, ay luminsad sa tuntungang banal at nangunyapit sa mababa't naglubalob sa burak, na wala ni yaong tausang pag-ibig sa kapwa at niyong banal na kaamuang loob ng mga taong alinsunod sa pag-ibig ng Dios. Sa mga panahong kasalukuyan, sila'y patay gutom, taong-hamak, laki sa kasukalan, napalililim sa mga Convento sa panananghod ng ikabubuhay at walang awang mangangakal ng baya't ng paniniwalang lubos ng mahal at marangal na sangkalahiing kastila.[41]

Kung dili-dilihin ang panahong may kabuluhan sa historia na nagbigay unlad sa mahalagang hiyas at katiningan ng taong itong di pangkaraniwan, ay nakapanghihilambot ang pagsipot niya sa larangan ng politica na mabagal at makawalang pagasa sa simula at mapagtagumpay sa mga huling sandali ng kanyang buhay.

Hangang 1872, ang Filipinas ay nagtatamasa ng isang waring katahimikang loob at ang kanyang mamamayan, lalo na ang mga taga-lalawigan, ay nabubuhay, sa ilang bagay lamang, sa ilalim ng bisa ng mga batingaw (ng mga fraile). Kung nagkaroon man ng mga simulang panghihimagsik, pati na nang sa 1872, ay di lumampas sa isang sukó nang pagbubulalas ng ligaw na pananampalataya, mga paghihiganting nakapangingilabot ng mga nagakalang naapi ng walang matuwid sa kanilang kalagayan, nangasugatan sa kanilang dangal at napinsalaan sa kanilang pag-aari. Ang kilusang totoong may kulay pagbabago nguni't mapayapa't sa daan ng matuwid, kung nagkaroon man, ay namaluktot sa paghingi ng mga karapatan ng ganang mga clerigo na tinulungan ng taong baya't ng nasisiglahang kabataan, na may kusang pusag at mahilig sa pag-aaliw.

Ang paghiwalay ng Amerika, ay nakapagambil na maguing mahinagapin ang España, na sa paniwalang nababatbat saa't saan man ng panganib ng paghiwalay ay lumiliwas sa pag-aaral at pagkilala ng gayong kasamaan at nakapoot na lumulunod sa kanya dili'y may tangkan lunurin siya sa dugo. Sa paraang ito, at sa bai-baitang na pangyayari ay nasadlak din sa kamay ng manunungkol dahil sa upa na nangangalakal ng kahima-himala sa kahinaang loob ng sangbayanang kastila.

Sa Filipinas, at sanhi sa pagkakagulo sa Cavite na sinugpo ng kawal na kababayan, ay nakatagpo ang mga fraile ng maluwag na butas upang maipalagay ang sarili na waring upahang hukbong taga-tangkilik ng malasakitin ng España sa Sangkapuluan. Ipinagsuplong na waring may kagagawan ng gulo ang tatlong clerigong Burgos, Gomez at Zamora at waring kaayon naman ang makapal na bilang ng taong bayan na pawang maguiting na lahat. Sa pagkakapabitay sa tatlong una't pagkakapatapon naman sa mga huli, ang kapangyarihan sa Sangkapuluan ay nalipat, ayon sa pangyayari, sa mga kamay ng mapanghimasok na kapisanan ng mga pari, mabangis na mangangamkam na binansagan sa panahong huli ng *Frailocracia Filipina*.

Saksi ng katakot-takot na paglipol (*razzia*), ay nakapagpapatotoo, tangi sa iba, ang mga nginalanan sa huling panahon ng Dr. Sansiangko, Dr. Rizal, at Plaridel, kapatid itong huli, gaya na nga ng sinabi, ng isa sa mga clerigong ipinatapon, na si P. Toribio H. del Pilar. Salat palibhasa sa hanging sukat malanghap sa sariling bayan, sina Sansiangko't Rizal ay lumulan sa sasakyang patungo sa Espana, na naiwan sa loob ng *gradas* (*barrera*) at sa guitna ng panganib (*anfiteatro*) si Marcelo H. del Pilar. Isang nagngagalit na pagtutol ang lumipana sa Sangkapuluan, datapwa't walang sukat nakatigatig sa tahimik na pagtungtong sa lubhang makatas na “*curato*” pagka't isang upahang hukbo'y nakakukub-kob sa lahat ng pook at nakahandang lumuwa sa labanan na may pabantang anyo.

Gayon ang kalagayan ng bayan nang si Del Pilar ay magsimula ng pag-iipon ng tao, magtatalatag ng pulutong, magdaos ng pakikipagdamayan at makaraang mapag[?]a ang kaaway, ay pipilan ito ng walang patawad sa libo-libong pagbubunggo't paglalabanang lantaran. Ang pinakamaliit na bagay ay maipalalagay na waring isang tunay na pagwawagui palibhasa'y ang fraile, huwad sa *mata ni Falifemo* ng Pamahalaan, ay lagui nang nakamata sa mahuhuli't nagugat ng kanyang makabuluhang tayô. Datapuwa't si del Pilar ay natutong suminsay sa lahat nang makasasangod na sagabal.

Nang maluklok na sa mabuting pagpapalagay ng mga Gobernador Civil, Juez de Primera Instancia't Capitan ng Guardia Civil, ay humanap naman ng tulong ng mga fraileng liberal laban sa mga radical at pinukaw sa mga nauna ang kanilang mabuting loob, at nang magawa ito'y gumayak na paganib-anibin ang mga hari-harian sa bawa't pook na lagui nang nagkakahidwaan dahil sa mga alitan sa pamamahay na walang sawang pinananariwa ng isang paglalansak ng paglapastangang ang ibinubunyag araw-araw, at dahil sa pagtitingian ng lahi na matalinong kinakalakal ng fraile kaya бага ng naghahari sa mga may lahod na iba't may lantay na dugong filipino (*mestizo;t naturales*). Datapuwa't isinapi ni del Pilar ang kabinataan sa hangaring “*estudiantina*” na

namamayani niyaon, at ang kagaslaway [hindi mabasa] ng mga ito'y siyang nakapagpagalit sa mga fraile, at palibhasa'y kalahok na sa labanan ang mga anak, ang mga ama naman na hanggang sa panahong yao'y bantulot, ay napilitang makiyakap sa malasakitin ng kanilang mga anak.

Ang mga piguinga't salo salo (*gaudeamos*), mga katuwaang-bata't tanging napahihintulutan, ay siyang mabuting tulay sa paghahasik at siyang nagdudulot naman sa kanya ng masaganang ani. Ang mga *dupluhan*, *bugtungan* at *dalitan*, mayayamang libubang[?] karaniwang daluhan ng taong bayan upang ipamalas ang ningning ng kanilang talos ng isip at kasarapang mangusap, ay nakabibihasa sa kanya sa paggamit ng pananalita, at samantalang nagtatamo ng tagumpay sa pakikipagtaguis ng kadilagan ng sariling wika ay kapanabay na nagdadagdag ng balangay ng kanyang mga nahikayat na kapanalig. Baga man walang hilig sa pagsasabong ay namanihala (manager) ng sabungan sa Malolos na kasama ang Paring Rafael Canlapan, sanhi sa tungong pagiiyon ng tao at upang maipakilala sa pamamagitan ng halimbawa na ang leong balahibuhin ay hindi lagui nang mabangis na minsan ma'y hindi maaagawan ng kuko, kaya't dito'y nakipagbabag at sa gayo'y *exempla trahunt* (ang uliran ay pagkasimundan). Nang tamuhin na ang loob ng pamahalaang bayan na siya rin ang kaluluwa, ay tinipon ang mga kawal niyang natitiwalag at inihandulong sa lahang na muog ng kaaway.

Plaridel, 10 Agosto 1907

SAMANTALANG nagtatayo sa Maynila ng isang kinatawan ng pasiya ng bayan, ang *Diaring Tagalog*, ay nakikipagkasundo naman ng pagdadamay sa mga may malaking kapangyarihan (Calvo y Munoz, Centeno, Quiroga, atbp.) lakip ang pag-akit sa kanilang loob sa pamamaguitan niyang sarili, dili kaya'y sa pamamaguitan ng kanyang binigyan ng lubos na kapangyarihan; nangangaral ng “mabuting balita”, sa mga “salas” ng hukuman, mga pook niyang maaankin, at yaong mga tanod-pinto, alguacil, at lalong lalo na ang “mababang manunulat” (Briccio Pantas, Numeriano Adriano, Apolinario Mabini, ang dakilang lumpong pangulo nila niyaon) na pawang naging mangangaral, ay nagsabog sa lahat nang dako ng mga aral ng “maestro”; at yaong mahinhing kabang impukan na binalak ni M. Ponce sa dakong una, ay nabuo sa *La Junta de Propaganda*, na siyang nag-atas sa kanya na maguing kinatawan ng Sangkapulan sa piling ng mga kapangyarihang pamahalaan sa España. Yaong nabantog na paghahayag ng loob (manifestacion) niyaong Marzo ng 1888 ay isa sa mga naging dulo nitong mabunga, mapanganib, datapwa't matalinong paghahasik tungkol sa politica.

Ang Sangkapulan, tanging-tangi ang mga lalawigan Tagalog, ay kinalatan ng mga dahong limbag na walang lagda na nagsisiwalat ng kapaslangan, panggagahasa't mabibigat na pagkakasala ng kapisanan ng mga paring naghahari, at siya man nama'y sumusulat din sa sariling kamay ng ilang nagtawid-dagat, at isa sa mga ito'y ang lubhang magandang bahagui ukol kina Crispin, Basilio't Sisa na natutunghayan sa *Noli me tangere* ni Rizal, larawang piniga sa mga tunay na nangyayari sa San Rafael sa Bulacan nang kasalukuyang Cura si Fr. Antonio Piernavieja, datapwa't nilikha ng mapaghimalang kamay ng marunong na maguing isang tunay na larawang kauri ng kay Rembrant, na punong-puno ng liwanag na mapanglaw at maganda, bunga bilang ng sukong pagkahabag sa kulang palad na mga aba.

Napagkatiwalaan, palibhasa, ng *La Junta de Propaganda*, upang siyang magsakit doon sa bayang kinasusugan, kung kaya't lumulang patungo sa Barcelona. Pagka't naitatag na ang *La Solidaridad* na pinamatnugutan ng bunying mangangaral na Graciano Lopez Jaena [42] ay nilisan niya ang pang-ulong bayan ng Cataluña upang kapiling ni Rizal na lumagay sa unahan ng pagsasakit sa Madrid, [43] pook itong pinaglipatan ng patuluyan ng bantog na pahayagang pang-labing limang araw na pinamatnugutan niya hangang sa pagkahimpil ng paglalathala (15 Noviembre ng 1905). Nakibahagui ng boong pagpupunyagui sa “*logiang Solidaridad*,” sa “*Asociacion Hispano-Filipina*” sa Madrid, na di iniwalay sa mata ang *La Junta de Propaganda*, ang mga *Logiang mason*, ang *La Liga Filipina*’t ang *Katipunan* sa dakong huli na pawang tumanggap ng walang patantang himok at mahihinaho’t matatalinong pahiwatig ng bayani. Nilisan ni Rizal, di man naluwatan, ang Madrid – ang huli niyang abuloy sa “La Solidaridad” ay ang kathang kasaysayan ni “Mariang Makiling” (31 ng Diciembre ng 1890) – at huminto ng paghahasik tungkol sa politica [44] sanhi sa kautusang pagpapatapon sa kanya sa Dapitan (ika 7 ng Julio ng 1892), kaya’t siya (Plaridel) ay natirang nag-iisang nakatayo, may sakit pa, nakagulapay, pagapang kung manhik sa hagdanan ng kanyang tahana’t kinakapos pa kung minsan ng lumang tinapay na kailan ma’y di nawawala kahi’t sa lalong dustang naiibang lupa; datapwa’t taglay ang sigla’t taglay ang katibaya’t kasidhiang loob ng isang “espartano” kung kaya’t nagpalumagui sa unahan muna ng mga may nais ng pagbabago at ng mga nangkahimagsik naman pagkaraan.

Ang kanyang kabuluhanang uring politico sa palad ng Baya’y walang kapangagaw, gayon din wala ang kanyang pagkamamamahayag, pagkamanunungali’t pagkamanunulat. Ang pananalita niyang tuwid ay malaman, siksik at lagui nang mahinaho’t matino; nakapagpaala-ala niyaong kay Sansiangcong matalinong manunulat tungkol sa pag-iimpok at kagalagayn ng bayan na naglathala niyaong 1881 ng “El Progreso Filipino”, aklat na ipinalagay ng mga tanging naka-aalam na bilang nag-iisa sa mga ganganito, at doo’y maliwanag na isinalaysay ang mga

pasimula ng panghihimagsik, doo'y sinambitla ang unang sigaw ng pagkilos, doo'y itinatag ang batayan ng balankas ng papakinabangin sa Filipinas at doo'y isinulat yaong pagtatanggol ng katamaran ng Filipino na nagbigay ng gagamitin sa pagsulat ng pinakamabuting maliit na aklat ni Rizal na pangpahayaga't pang-ukol sa historia, gayon din nakatulong sa pag-aalis sa kamay ng pamahalaan (*desestanco*) ng tabaco sa Filipinas sa pamamaguitan ng kanyang mga tudling sa "El Democrata". [45]

Na-alálamang, gayon man, kay Dr. Sansiangco't kay Dr. Rizal man naman doon sa katalasang palatandaa't sariling-sariling kanya ng pagkataong pangpamahalaan't "pagkadiplomatico" na di lamang marunong magpalikwad-likwad sa mga sangod ng politica at umaagap ng darating na kasamaan, kung di marunong pang magligtas ng tinubuang lupa sa mga masigwang kahirapan, mga katalasan itong napakayaman sa mga daguisunang maliit, na walang kabuluhan marahil, datapwa't pangtiktikan sa isang guipit na panahon, at nagpapatotoo pa ng isang ganap na pagkatalastas ng mga karupukan ng kapwa't ng mga bagay-bagay ng bawa't pangyayari.

Sa kabila nito'y nahihigtan siya ng bunying Martir tungkol sa tuntunin, paghahanay na naalinsunod sa karunungan't kagandahan ng paggamit ng salita, sa bisa ng pagkakaayos ng wika't doon sa paraang may bahagyang kataasang uri ng pag-iipon at pamimili ng mga saganang labi ng pangkalahata't malayang literatura, mahalagang sinamsam ang ganito na kisap-matang naiuwing maguing sariling katas at maguing masanghayang salit-salit na mga hiyas ng karunungan't kagandahan sa paghahanay ng salita; nahihigtan doon sa pagbibigay sinag ng kaliwanagang pinadidingal ng isang pagtatapat na walang kadungis-dungis halos at pinatitinkad niyaong "divinae particulam aureae" [banaag ni Bathala] niyaong si Horaciong marubdob niyang sinusundan, at nahihigtan siya, lalong lalo na, doon sa biyayang bihirang igawad sa mga tao na makayari baga ng isang kathang tunay na nakatataos sa puso, na di malayo, anang isang critico, na sa guitna ng mga kathang ayon sa tuntunin, ay maguing isa

sa lalong nawawangis sa likha ng Maykapal, sa **[di mabasa]** lumalalang ng mga **[di mabasa]** budhi, may karapatang **[di mabasa]** ng masama't mabuti, **[di mabasa]** mamamayan sa Sanglibutan. (Dili iba ang mga palatandaan ng hindi malilimot na katha ngang *Noli me Tangere*, bukod-tangi si Elias, na kaguila-guilalas na anak ng bayan).

Plaridel, 17 Agosto 1907

ANGKIN PA rin ni del Pilar ang karapatan ng pagkakataanim niya sa literaturang Tagalog ng mga bungang isip ng taong bayan, pinayaman yaon sa mga bagong salita't binigyan ng lalong malaking kalambuta't kagaanan lakip ang pagtatakda ng bagong landasin.

Karamihan ng kanyang isinulat na Tagalog, maguing inihulog lamang sa wikang ito, maguing sariling katha, lalong lalo na ang mga pangbanggang maliit na aklat niyang ["Cai-ingat kayo, Ang kadakilaan ng Dios, Sagot nang Espana sa hibik nang Filipinas"] ang kaniyang mga aral sa politica gaya ng ["Dasalan at toksohan, Pasion dapat ipag-alab ng puso ng taong babasa, atbpa."] ay hindi lamang kumalat sa lahat ng lalawigang Tagalog na nakapasok sa lahat ng puwang at humalili sa mga novena, pasion, dasalang cristiano't sa mga aklat na maliit na may indulgencia ni Fr. Rodriguez, kung di nakapagdulot pa ng kaguiliw-guiliw na pagtuturo, libanga't linamnam sa taong bayang kinakalakal ng mga fraile, nakapagpahupa sa kanilang kaban ng salapi't naging panghiganting panuso na nang mapasok na sa ["mata ni Polifemo"] ay pinasambulat sa libo libong pagkapisang. Siyang umutas sa paghahari ng liping nananakop, at sa kanila nga marahil higit sa ibang paghahasik, naging kautangan ang pagbabago ng kuro-kurong sangbayanan: naging maligsing "caballeriang" lalong kakila-kilabot na nagwasak ng hanay ng kaaway at humuli ng mga naiwan sa pagkakatiwa-tiwalag. Alang-alang nga sa sariling matuwid ay nagkamit ng uring dakila sa kapisanan ng mga isinulat; ipinalagay ang mga yaon ni Rizal gaya na nga ng sinabi, na uliran ng karikta't ng pagpapatawa sa wikang Tagalog. [46]

Kung paglulupit-lupitin ang lahat naming isinaysay ay mahahati ang panahong nasaklaw ng pagpupunyagui ni Plaridel, pagpupunyaguing totoong makabansa, sa dalawang bahagui; buhat sa 1872 hangang 1888; at buhat sa 1888 hangang 1895, dalawang puo't apat na taon, ang lahat nang buhay ng isang tao na inihandog alang-alang sa Lupang tinubuan. Ang una'y naganap sa Filipinas at ang ikalawa'y sa Espana, sa

piling ng mga kapangyarihang pamahalaan. Nakapangguiguilaslas kung paano't sa ubod ng gayong sangkap na manglilipol, sa guitna ng isang hanging pumapatay sa bala nang guiting buhay, ay nakapamalagtas at nakapaglipunpon sa piling niya ng mga mahalagang sangkap sa Filipinas, gayon din ng mga kababayan niya sa España, gayong dito pa naman ang kahalagahan ng kabataan, ang mga di pagpaparayawan ng hanap-buhay at isang patay-saling at maka-Quijoteng pagka maramdaming sayad halos sa kasigalutan ay nakahabad lang sa ano mang pagtatalatag, na lubhang mahilig sa pagkasabog kailan pa ma't ang papatnugot ay hindi magtataglay niyaong makinis na paghalata na ang tanging lihim ay nasiwalat lamang kay Plaridel.

Sinabi na ngang ang pinanghahawakang saguisag, bagay na namamalasmas[?] ng labis sa lahat niyang obra't isinulat, ay ang *fortiter in re suaviter in modo* (Sa tungo'y matibay, sa paraa'y malumanay) at ang biyayang karunungan magparaya upang talunin, lumamuyot upang kamtan sa pagpapaniwala't pagpapaibig pa, ang kalooban ng kausap na nahuhulog ng walang malay at magpawalang hangan sa ilalim ng kapangyarihan ng kanyang bisang nakasisilaw. Si Ramiro Franco, bayaning walang takot at pintas, isa sa mga may kamauwong nakaamba't, tinging pairap, Jupiter na taga-sambulat na mangbabalibag ng kidlat at buhawing pangungusap, ay umaamin ng boong pagtatapat na siya't nasugata't nagapi "niyaong tinging mataos at mapaniyasat, tigmak ng isang di mapaglabanang lakas na nakasusupil at nakasisilaw".

Si Rizal ang taga-lagda; si Plaridel ang kapanyarihan taga-tupad. Si Rizal, Minervang batbat ng lahat nang sandata, ay nababasbasan ng kapangyarihan kung bumababa't nakikisalamuha sa mga taong-lupa, si Plaridel ay Anteong nagbabagong sigla kung makihalobilo sa mga tao, at ang mga ito'y inilalandas sa pagtupad at sa alituntuning itinakda.

Buhat sa Paris, ang salaysay ni Ramiro Franco, (bago dumating ang 1892), ay "si Rizal ang siyang nagpapadala sa amin ng mga kautusan. Si Plaridel naman, taglay ang kanyang kagandahang loob na walang

pangalawa, ang matalinong tumutupad ng mga nasa ng bunying mangangaral at lakip ang panghalata ng isang inang maibiguin na nakasusunod na mahanhanauan[?] ang pagliliwaliw ng mga binatang lalong matitigas ang ulo sa bilang ng mga nakikipanahanang kababayan. Sa huli, makaraan ang di gagaanong pagpipilit, ang lalong kapuri-puring pagkatupad ang naging putong ng matiyaga niyang pagsasakit. Ang pagkakaisa-sang lalong talamak ang naghari sa mga kababayang lalong nanghihinang loob at nagsasarili at ang pamatnugutan ng *La Solidaridad* ay nakapagtatag niyaong pasulatang tanging-tangi sa mga kasaysayan ng pamahayagang Kastila't Filipino”.

“Nasok ang mga makabayang pukyutan sa bahay-pukyutan, na iniwan sa bungad ng pintuan ang mga pag-aagam-agam at paghihinalang walang matuwid na mabuhay sa mga anak ng isang ina. Sa pagkakalansak-lansak na yao'y nipot ang mga manunulat ng *La Solidaridad*. Si Mariano Ponce, ang masipag at tapat na Naning na ngayo'y nananahanan sa Hongkong, ay nakipiling at nakipagtaos ng boong higpit kay Plaridel, ano pa't naging kainguit-inguit na uliran ng mga kalihim at taga-pangasiwa. Nakapiling ni Naning sina Antonio Luna (bansag: Tagilog), Jose Ma. Panganiban, Enrique Rogers, Eduardo de Lete't Ramiro Franco”.

“Sa samahang Filipino sa Madrid, tunay at masanghayang kapisanan ng mga makabayan na hindi napakibilang sa pasulatan ng *La Solidaridad*, nguni't mapakinabang na tumulong dito sa pagunlad at sa pagtatagumpay sa pamamagitan ng kanilang sariling pagal at ng kanilang ambag, hanggang ngayo'y gumagala pa sa sanglibutan, (ani ng kanyang sulat niyaong 1904), na nakikibilang sa iba't ibang pangkatin at namimintuho ng magkakalabang panalig ang isa't isa, ang mga Arejola, del Pan, Albert, Llorente, Roxas, Rosario, Apacible, Ilustre, de Leon, Santos, Barcelona, Paterno, Lukban, Sandiko, Reyes, Asis, Rodriguez, Blanco, Acuna, Alejandrino, Liongson, Rocha, Gomez de la Serna, Govantes at marami pa na nabubuhay at naghahanap sa Madrid na Filipinong maka-Filipino.”

“Kakaunti ng ang nalalabi sa atin – ang dugtong – sa pagpapagal na yaon. Natitira na lamang sa ating walang pagkalanta’t malusog ang layon, malinis at banal na nabuhay na walang dungis sa puso ng bunying makabayan....Kutad ang mga alagad kung kaya’t di natumpak na itaguyod ang aral ng guro....” [47]

Plaridel, 31 Agosto 1907

SA MGA tapat na loob na alagad na nakarating sa pagkawalang-hangan upang makilasap sa kanilang mangangaral ng pagkadakilang bunga ng karapatan ng sariling pagod ay kabilang si Andres Bonifacio, yaong bayaning taong-bayan taga paghiganti ng bayan at si Emilio Jacintong ulo ng katipunan; si General Luna, yaong nagtatag ng Hukbong-Paghihimagsik at pinakamatinkad nitong uri ng kadakilaan, kasamahan ni Mabining bunying lumpo na nagkaisang nagdamdam ng pagkaulila sa mangangaral na pinakalakas na taga-timpi, sangkap ng pagkakaisa't katibayang magbibigay ng pagsasapi sapi't maghihibo ng bagsik sa sangkapisanang filipino na humihiling sa pagtitiwa-tiwalag at sa pagwawasakan ng isa't isa.

Tunay na walang nakapag-ankin ng lalong ganap na pagkaalam ng kalagayan ng bayan at ng politica ng sanglibutan ng mga panahong yaon na kaluwa-luwalhati't mapanglaw na gunitain. Waring nakikiniginita nating nakatindig pa siya sa tayuan ng mamamahayag ng La Solidaridad na kaharap ang mapa ng Oceania't ng baybaying karatig ng Pacifico at isinusurot ng hintuturo sa may kapangyarihang kastila ang pakalagay ng Sangkapuluan at tinatandaan ng lapis ang mga pook na gaya ng Carolinas pulong Ibayat at ang mga baybaying nasasaklaw ng kalakal americano, bilang pinakamahinang pook na, sanhi sa pagkapag-isa ng Espana sa Dulong Silangan at sanhi sa palala ng palalang masamang kalagayan ng mga taga-pulo dahil sa mga tungak na paghahamon ng masagwang paghahari ng fraile't dahil sa kabulagan ng pamahalaang kastila, ay mapapasok ng walang liwag ng Alemanian, ng Estados-Unidos pagkaraan at ng Japon pagkatapos sa kapanganyayaan ng sangkapuluan at ng puri ng Espana.

Datapwa't kung ang maykapangyarihan lamang ay nag-aboy ng kaunti pang pagpansin sa Filipinas, upan din kung makilala ang mga kailanganin nito'y sadyang matapalan, ang Espana sana'y nakapagtamo ng kalooban ng taga-pulo at disin di nagkaroon ng pagkabangal ng

kapangyarihan niya sa mga lupang nasasakop pagka't siya'y maguiguing walang pagkagapi, gaya ng pinatotohanan ng Kasaysayan sa kanyang pakikipaglaban sa mga holandes, insik, japon at ingles, na ang tatagumay ay sumapiling niya alang-alang sa pagkatapat na loob at mabisang tulong ng mga filipino. Sa ibang paraan, kine hindi бага kaayon ang mga filipinong lumilipana na sa mga bayang bihasa't malaya sa Europa sa pagtuligsa ng liwanag, hangin at kalayaang di masunduan sa bayan nilang kinamulatan, at nakamamalas ng boong guiliw niyang sulok na maburot at mabato nguni't kahanga-hangang mabunga't maguinhawa sa kanyang "open door" at "Habeas Corpus", yaong Hongkong бага, ang Estados Unidos ay papasok hangang sa kaloob-looban na katulong marahil ang mga taga-pulo at ang Japon, na sa paghahagahan ng nasasakupan na hiningi rin ng Espana'y nagtamo ng mga kalakihan ding sak[di mabasa] ng lupon ng mga pulong [di mabasa] Botel Tobago at iba pa [di mabasa] sa kamuangan sa geografia na yaong sugong kastilang lumagda ng pakikipagyari, ay siyang aagaw sa Filipinas. Na ang Filipinas ay hindi pa nagkakaroon ng loob sa paghiwalay: na ang paghiwalay ay maguiguing pagpapatiwakal ng kanyang lahi, at sa ganito'y tanging maibubuyo lamang ng kawalan ng pag-asa. Nguni't kung ito'y iliit na waring isang magahasang pangyayari, sa Espana'y mawawalang di magkakabula ang sangkapulan. [48]

Magkakaroon nga ng maraming dugo't kusang pagpapakahirap sa ganang mga taga pulo, datapwa't ang Espana'y kusang pahihinuhod. At sino ang nakaaalam, kung may pagkadalaan sila sa kasakit-sakit na pinagdaanan, ay magkamatuwid si Rizal na anito'y "ang panganib na muling mahulog sa ibang kamay ay makapipilit sa kanilang magka bait at maguing matino. Ang hindi malaking pananaig ng alin mang lahi sa iba'y makapgwawaksi sa kanilang akala na ano mang baliw na paghahangad ng panglulupig at palibhasa'y ang hilig ng mga bayang guinahis kung makaiwas na sa kumukubabaw ay ang pag-aankin ng isang pamahalaang lalong malaya alang-alang sa kalakaran ng pananauling loob, ang Sangkapulua'y mag-rerepublica federal...."

